Ang suporta sa pagkilos ay isang serbisyo tungkol sa paglipat at pagsuporta upang maiwasan ang mga panganib kung may matinding kahirapan sa pagkilos na iniuukol para sa mga taong may intelektwal na kapansanan o mental na kapansanan na nasa 3 o higit pa sa dibisyon ng suporta para sa mga taong may kapansanan.

**3-
068**



Ang medikal na pasilidad para sa panunuluyan ng mga batang may kapansanan ay itinatag kasabay ng rebisyon ng “Child Welfare Act” noong 2012. Ito ay isang pasilidad na nagpapatuloy ng mga batang may intelektwal na kapansanan o pisikal na kapansanan atbp. para sila ay mapangalagaan, mabigyan ng gabay sa pang-araw-araw na pamumuhay, mabigyan ng mga kaalaman at kasanayan, at magamot.

**3-
069**



Ang mental health social worker ay isang propesyonal na nagbibigay ng pagsasanay at suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay, suporta sa pakikibahagi sa lipunan, koordinasyon sa mga tao sa paligid, atbp. para sa mga taong may mental na kapansanan. Ang mga propesyonal na nagsasagawa ng sikolohikal na pagsusuri at ebalwasyon sa pag-iisip ay ang mga clinical psychologist atbp.

**3-
070**



Ang occupational therapist ay isang propesyonal na nagbibigay ng pagsasanay sa mga gawain sa pagbuburda at iba pang likhang-kamay, craftmaking, at gawaing-bahay. Sa kabilang banda, ang physical therapist naman ay isang propesyonal na nagbibigay ng pagsasanay sa paggana upang maging posible ang pang-araw-araw na pamumuhay nang nagsasarili sa pamamagitan ng exercise therapy at physical therapy na gumagamit ng init, kuryente, atbp.

**3-
071**



Ang speech-language-hearing therapist ay isang propesyonal sa rehabilitasyon na nagsasagawa ng pagsusuri, pagsasanay, at paggabay para sa mga kapansanan sa speech function, function sa pandinig, function sa paglunok, atbp.

3-072



Itinakda sa Artikulo 5, Talata 25 ng Act for the Comprehensive Support of Persons with Disabilities na ang assistive medical devices ay tumutukoy sa “artificial limb, braces, wheelchair, at iba pang bagay na itinalaga ng Minister of Health, Labour and Welfare”.

3-073



Ang handrail ay kabilang sa gastos sa pagkukumpuni ng tirahan para sa assisting tools na ginagamit sa mga aktibidad sa bahay sa ilalim ng proyekto sa pagbibigay ng mga kagamitan sa pang-araw-araw na pamumuhay atbp., at hindi sa Act for the Comprehensive Support of Persons with Disabilities. Kabilang din sa naturang proyekto ang mga slope, simpleng bathtub, kagamitan para maiwasan ang bedsore, atbp.

3-074



Ang welfare plan para sa mga taong may kapansanan ay binabalangkas ng munisipalidad at prefecture. Itinakda na ang tungkulin ng konseho ay “magbahagi ng impormasyon tungkol sa mga problemang nauugnay sa sistema ng suporta para sa mga taong may kapansanan sa komunidad, magsikap para makamit ang malapit na pakikipagtulungan sa mga kaugnay na institusyon atbp., at talakayin ang pagsasaayos ng isang sistemang naaayon sa aktuwal na kalagayan ng komunidad”.

3-075



Upang magkaroon ng pang-araw-araw na pamumuhay at panlipunang pamumuhay nang nagsasarili ang mga bata at taong may kapansanan, itinuturing na responsibilidad ang komprehensibo at naplanong pagpapatupad ng “benepisyo sa pagsuporta sa pagsasarili” at “proyekto sa pagsuporta sa pamumuhay sa komunidad” na inihanda gamit ang pagkamalikhain ng munisipalidad habang nakikipagtulungan sa mga partidong nauugnay sa pagtatrabaho at edukasyon, nang may pag-unawa sa aktuwal na sitwasyon ng pamumuhay.

3-076



Ayon sa “National Statistics ng 2018”, 76.6% ang mga kaso ng guardianship sa ilalim ng adult guardianship system, at ito ang uri na may pinakamaraming pahayag.

3-077



Ang proporsyon ng mga tagapag-alaga maliban sa kamag-anak ay 80%. Ang breakdown nito ay: judicial scrivener (37.7%), abogado (29.2%), at certified social worker (17.3%). Mga 20% ng mga tagapag-alaga ay kamag-anak, at 52.0% naman ang anak na may pinakamataas na proporsyon.

3-078



Sa personal na impormasyon na nangangailangan ng pagsasaalang-alang sa rebisyon noong 2015 ng “Act on the Protection of Personal Information”, kabilang ang mga impormasyon tulad ng lahi, paniniwala, katayuan sa lipunan, medikal na kasaysayan at kriminal na kasaysayan, pati na rin ang mga kapansanan sa paggana ng isip at katawan tulad ng pisikal, intelektwal at mental na kapansanan (kabilang ang mga kapansanan sa pag-unlad), atbp. ng mismong tao.

3-079



Ang voluntary guardianship system ay isang sistema kung saan maagang pinapapasyahan ang voluntary guardian, mga nilalaman ng suporta at kabayaran bago humina ang kakayahang humusga ng mismong tao. Sa patakaran, bubuo ng kontrata sa pamamagitan ng notarized document sa isang notary public office. Ang hukuman ng pamilya ay magtatalaga ng isang voluntary guardian supervisor na mangangasiwa sa voluntary guardian.

3-080



Ang mga batas na nauugnay sa pagpigil sa pang-aabuso ay pinagtibay para sa bawat isa sa 4 na pag-uukulan: mga taong may kapansanan, matatanda, mga bata, at mga asawa. May ilang pagkakaiba sa pagrereport tulad ng obligasyon, obligasyong magsikap na magreport, obligasyong magbigay-alam, atbp.

3-081



Ang mga social welfare corporation ay maaaring magsagawa ng mga kumikitang negosyo, ngunit ang kita mula sa naturang negosyo ay dapat na ituo sa pamamahala ng mga serbisyo sa social welfare o public benefit na isinasagawa ng korporasyon.

3-082



Ang “Consumer Contract Act” (pinagtibay noong 2000) ay isang batas kung saan itinakda ang pagkansela atbp. ng mga nabuong kontrata habang ang consumer ay nasa kondisyon na may maling pagkakaunawa, pagkalito, atbp. dahil sa hindi makatuwirang pag-alok. Ang panahon ng paggamit ng karapatang magkansela ay 1 taon mula sa oras na posible ang pagpapatibay, at 5 taon mula sa oras na mapirmahan ang kontrata.

3-083



Itinakda sa Artikulo 36 (Pagtatatag ng mga institusyon) ng Social Welfare Act na ang mga social welfare corporation ay dapat magtatalaga ng councilor, board of councilors, director, board of directors at auditor. Ang board of councilors ay isang judicial panel na binubuo ng mga councilor, at isang institusyon na nagpapasya tungkol sa mahahalagang bagay sa pagpapatakbo ng korporasyon.

3-084



Dahil ang partikular na pagsusuri sa kalusugan ay isang pagsusuring nakatuon sa metabolic syndrome (visceral fat syndrome) mula sa pananaw ng pag-iwas sa mga sakit na nauugnay sa mga gawi sa pamumuhay, kabilang dito ang pagsusuri para sa mga sakit na nauugnay sa mga gawi sa pamumuhay. Isinasagawa ang partikular na gabay sa kalusugan para sa mga “taong may mataas na panganib na magkaroon ng mga sakit na nauugnay sa mga gawi sa pamumuhay, ngunit inaasahang magkaroon ng epekto para maiwasan ito” bilang resulta ng partikular na pagsusuri sa kalusugan.

3-085



Dahil ang partikular na pagsusuri sa kalusugan ay nakatuon sa metabolic syndrome (visceral fat syndrome) upang maiwasan ang mga sakit na nauugnay sa mga gawi sa pamumuhay (myocardial infarction, stroke, diabetes mellitus), hindi kabilang sa mga pangunahing pagsusuri ang pagsusuri para sa cancer.

3-086



Ang partikular na pagsusuri sa kalusugan ay iniuukol para sa mga kasapi sa medical insurance na may edad na 40 taong gulang o higit pa ngunit hindi aabot ng 75 taong gulang.

3-087



Itinakda sa “Act on Securement of Stable Supply of Elderly Persons’ Housing” kaugnay ng Ministry of Land, Infrastructure, Transport and Tourism at Ministry of Health, Labour and Welfare” ang paghahanda ng kusina, flush toilet, storage facility, washbasin facility, at banyo sa bawat lugar ng paninirahan (25 m² sa patakaran), Gayunman, idinagdag na maaari ring gamitin ng ilang tao ang kusina, storage facility, at banyo (Artikulo 8 at 9).

3-088



Ang mga pabahay para sa mga matatanda na may kasamang serbisyo ay may obligasyong ibigay ang serbisyo sa pag-alam ng sitwasyon at serbisyo sa konsultasyon sa pamumuhay, ngunit hindi nito obligasyon ang pagbibigay ng serbisyo sa pagkain [Artikulo 11 ng Act for the Stable Living of the Elderly (Act on Securement of Stable Supply of Elderly Persons’ Housing)].

3-089



Dahil ang mga serbisyong ibinibigay ng mga pabahay para sa mga matatanda na may kasamang serbisyo ay ang serbisyo sa pag-alam ng sitwasyon at serbisyo sa konsultasyon sa pamumuhay, ang mga nanunuluyan ay pinahihintulatang gumamit ng mga serbisyong sakop ng nursing care insurance tulad ng day care, home-visit care, atbp. ayon sa pangangailangan.

3-090



Itinakda sa Artikulo 1 ng Act for Supporting the Self-Reliance of Persons in Need na “Nilalayon ng batas na ito na itaguyod ang pagsasarili ng mga taong may pangangailangan sa pamumuhay sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga hakbang upang suportahan ang kanilang pagsasarili”.

3-091



Sa Artikulo 4 “Prinsipyo ng pagdaragdag” ng Livelihood Protection Act, itinakda bilang kondisyon ang paggamit ng mga asset, kakayahan, atbp. ng aplikante para mapanatili ang kanyang pamumuhay sa pinakamababang pamantayan, at itinakda na ang tulong ay ibibigay bilang pandagdag dito.

3-092



Sa Artikulo 10 ng Livelihood Protection Act, itinakda ang prinsipyo ng paghihiwalay ng sambahayan bilang “Ang pagbibigay ng tulong ay ibabatay sa sambahayan”.

3-093



Kahit na may kita sa pagtatrabaho, itinuturing na maaaring tumanggap ng livelihood protection kung ang kita at mga asset ay hindi umaabot sa pinakamababang pamantayan ng gastos sa pamumuhay, alinsunod sa prinsipyo ng paggarantiya sa pinakamababang pamantayan ng pamumuhay.

3-094



May 8 uri ng livelihood protection: tulong sa pamumuhay, tulong sa edukasyon, tulong sa pabahay, medikal na tulong, tulong sa nursing care, tulong sa panganganak, tulong sa kabuhatan, at tulong sa libing. Bilang paraan ng pagbibigay, mayroong pagbibigay ng pera at pagbibigay ng aktuwal na bagay. Ang tulong sa pabahay ay ibinibigay bilang pera at sakop din nito ang bayad sa upa at mga kinakailangang gastos sa pagkukumpuni at pagpapanatili ng tirahan.



Mga punto sa pag-aaral

■ Mga uri ng livelihood protection

Uri	Paraan ng pagbibigay (pamantayan)	Pangunahing nilalaman
Tulong sa pamumuhay	Pagbibigay ng pera	Mga pangunahing gastos sa pang-araw-araw na pamumuhay tulad ng gastos sa pagkain, inumin, damit, utility, atbp.
Tulong sa edukasyon	Pagbibigay ng pera	Mga kinakailangang gastos sa sapilitang edukasyon tulad ng gastos sa tanghalian sa paaralan, pag-commute sa paaralan, mga materyales para sa pagtuturo, atbp.
Tulong sa pabahay	Pagbibigay ng pera	Bayad sa upa kung may inuupahang bahay o kuwarto, gastos sa pagpapanatili ng tirahan, atbp.
Medikal na tulong	Pagbibigay ng aktuwal na bagay	Medikal na pagsusuri, gamot, materyales sa paggamot, atbp. na kinakailangan sa pamumuhay sa pinakamababang pamantayan
Tulong sa nursing care	Pagbibigay ng aktuwal na bagay	In-home nursing care, pag-iwas sa nursing care, assistive device, pagkukumpuni ng tirahan, atbp. na kinakailangan sa pamumuhay sa pinakamababang pamantayan
Tulong sa panganganak	Pagbibigay ng pera	Mga gastos sa loob ng isang tiyak na halaga na kinakailangan para sa midwifery at panganganak
Tulong sa kabuhatan	Pagbibigay ng pera	Mga gastos para sa kabuhatan, gastos sa pagkuha ng kasanayan, atbp. na kinakailangan upang makamit ang kakayahang magtrabaho
Tulong sa libing	Pagbibigay ng pera	Mga gastos sa pagsusuri, transportasyon, cremation, atbp. ng bangkay para sa taong namatay

■ Ano ang Community-based Integrated Care System?

Ang Community-based Integrated Care System ay isang sistemang nilikha sa layuning makapamuhay sa pang-araw-araw nang nagsasarili sa nakasanayang lugar sa pamamagitan ng pagbibigay ng pinagsama-samang mga serbisyo sa medikal na pangangalaga, nursing care, pag-iwas sa nursing care, paninirahan, suporta sa pamumuhay, atbp.

Bilang konsepto ng Community-based Integrated Care System, nabanggit ang mga ideya ng self-help, pakikipagtulungan, mutual help, at public help.

4

Mga Pangunahing Kaalaman sa Nursing Care



Mga Sagot/Paliwanag

A

4-001



Nagsimula ang pagtanggap ng mga kandidato ng certified care worker atbp. alinsunod sa Economic Partnership Agreement (EPA) sa Indonesia noong fiscal year 2008, Pilipinas noong fiscal year 2009, at Vietnam noong fiscal year 2014.

4-002



Ang kondisyon para sa tumatanggap na pasilidad sa ilalim ng Economic Partnership Agreement (EPA) ay dapat na hindi bababa sa 40% ng mga full-time na care worker ang mga certified care worker.

4-003



Maaaring manatili sa Japan hanggang 4 na taon ang isang kandidato ng certified care worker sa ilalim ng Economic Partnership Agreement (EPA), at kung siya ay nakapasa sa pagsusulit sa pagiging certified care worker, maaari siyang manatili sa Japan hangga't nagsasagawa ng nursing care bilang isang certified care worker.

4-004



Dapat taos-pusong isagawa ng certified care worker ang kanyang gawain habang inilalagay ang kanyang sarili sa katayuan ng user sa lahat ng oras upang mapanatili ang dignidad ng user bilang isang indibidwal at maging posible ang kanyang pang-araw-araw na pamumuhay nang nagsasarili.

4-005



Ang certified care worker ay hindi dapat gumawa ng anumang kilos na makakasira sa tiwala sa mga certified care worker.

4-006

Ang certified care worker ay dapat magsikap na pabutihin ang kanyang kaalaman at kasanayan tungkol sa nursing care atbp.



4-007



Sa ilalim ng Certified Social Worker and Certified Care Worker Act, dapat makapasa sa pagsusulit sa pagiging certified care worker at irehistro ang mga itinalagang bagay tulad ng pangalan, petsa ng kapanganakan, atbp. sa Certified Care Worker Registration Roster. Bukod dito, may probisyon na “Hindi dapat gamitin ng isang taong hindi certified care worker ang titulo na certified care worker” (title licensing).

4-008



Sa Certified Social Worker and Certified Care Worker Act, itinakda na “Tinutukoy ang isang tao na ang hanapbuhay ay (...) at magbigay ng gabay tungkol sa nursing care sa naturang tao at sa kanyang tagapag-alaga” (► tingnan ang G003).

4-009



Itinakda ito sa “Diskwalipikasyon” sa Certified Social Worker and Certified Care Worker Act.

4-010



Itinakda ito sa “Diskwalipikasyon” sa Certified Social Worker and Certified Care Worker Act.

4-011



Sa Certified Social Worker and Certified Care Worker Act, itinakda na “Ang certified care worker ay hindi dapat magbunyag ng mga lihim ng ibang tao na nalaman sa trabaho nang walang makatuwirang dahilan. Gayundin kahit hindi na certified care worker”, at may itinakdang parusa kapag nilabag ito.

4-012



Ang mga pumasa sa pagsusulit sa pagiging certified care worker ay mabibigyan ng kwalipikasyon bilang certified care worker, ngunit para maging isang certified care worker, kailangang irehistro sa Certified Care Worker Registration Roster ang pangalan, petsa ng kapanganakan, at iba pang bagay na itinakda ng Ordinance of the Ministry of Health, Labour and Welfare.

4-013



Dahil magkakaiba ang sitwasyon at kagustuhan ng bawat isa sa mga user, kailangang magbigay ng nursing care para sa bawat user habang isinasaalang-alang ang kalidad ng pamumuhay (QOL) na naaayon sa mga pangangailangan ng user.

4-014



Kahit na maipapalagay na mababa ang kakayahang gampanan ang responsibilidad at kakayahang humusga ng mismong user, kailangan siyang suportahan para magawa ang pagpapasya sa sarili habang pinangangalagaan ang kanyang dignidad, sa pamamagitan ng pagmamasiid sa kanyang mga reaksyon at kondisyon sa pang-araw-araw, at pag-alam ng kanyang mga pagnanais at kagustuhan.

4-015



Sa suporta para sa pagsasarili ng user na isinasagawa ng mga care worker, magbigay ng suporta na humihikayat sa pagpapasya sa sarili ng user habang iginagalang ang kanyang kalooban. Ang pagsasarili ay tumutukoy sa pagkakaroon ng karapatang magpasya sa sarili na nagbibigay-daan sa sariling paghuhusga sa mga bagay at pagpapasya tungkol sa pamumuhay, at pagkakaroon ng kakayahang pamahalaan ang sarili kung saan kayang akuhin ang responsibilidad na bunga ng sariling paghuhusga at pagpapasya.

4-016



Sa suporta para sa pagsasarili ng user na isinasagawa ng mga care worker, magbigay ng suporta nang hindi humahadlang sa pamumuhay na hinahangad ng user, pakikipag-ugnayan sa ibang tao, at mga pagkakataong makibahagi sa lipunan.

4-017



Ang mga sakit, karamdaman, at pinsala ay napapailalim sa “kalagayan ng kalusugan” na isang elementong bumubuo sa ICF.

4-018



Ang pakikibahagi sa mga recreation ay isang panlipunang tungkulin at ito ay napapailalim sa “pakikibahagi” na isang elementong bumubuo sa ICF.

4-019



Ang mga nakaraang hanapbuhay ay napapailalim sa kasaysayan ng buhay, at ang mga bagay na nauugnay sa buhay ng isang indibidwal ay napapailalim sa “personal na salik” na isang elementong bumubuo sa ICF.

4-020



Sa mga elementong bumubuo sa ICF, ang “paggamit ng wheelchair” ay napapailalim sa pisikal na kapaligiran sa ilalim ng “salik sa kapaligiran”, at ang “pagpunta sa museo” ay napapailalim sa “aktibidad” o “pakikibahagi”.

4-021



Sa mga elementong bumubuo sa ICF, ang “pag-ipon ng stress” ay napapailalim sa “kalagayan ng kalusugan”, at ang “pagbaba ng sigla” ay napapailalim sa “pagganaan ng isip at katawan”.

4-022



Sa mga elementong bumubuo sa ICF, ang “malambot ang katangian ng sahig” ay napapailalim sa “salik sa kapaligiran”, at ang “pagkawala ng balanse” ay napapailalim sa “paggana ng isip at katawan”.

4-023



Ang lugar na pinakamadalas na nagkakaroon ng aksidente sa loob ng tirahan ay ang “sala”, na sinusundan ng “hagdan”, “kusina o silid-kainan”, “pasukan”, at “washroom” sa ganitong pagkakasunod-sunod.

4-024



Ang nursing care sa pamumuhay sa grupo para sa mga taong may dementia ay naglalayon na gawing posible ang pang-araw-araw na pamumuhay nang nagsasarili ayon sa taglay na kakayahan, sa isang tirahan para sa pamumuhay sa grupo kung saan natutulad sa pamilya ang kapaligiran at may pakikipag-ugnayan sa mga lokal na residente. Sinusuportahan dito ang mga user upang sila ay magkaroon ng pang-araw-araw na routine na naaayon sa kani-kanilang kondisyon.

4-025



Sa pangongolekta ng impormasyon tungkol sa user, kailangang maunawaan sa komprehensibong paraan ang kanilang kasaysayan ng buhay mula sa nakaraan hanggang sa kasalukuyan, pisikal at mental na kondisyon, mga kagustuhan ng mismong tao, atbp.

4-026



Sa nursing care sa pamumuhay sa grupo para sa mga taong may dementia, kanais-nais na suportahan ang mga user para magpatuloy ang kanilang ugnayan sa mga pamilyar na tao at tindahan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pagkakataong makibahagi sa mga aktibidad sa komunidad, atbp.

4-027



Ang taong responsable sa pagbibigay ng serbisyo ang naghahanda ng home-visit care plan nang naaayon sa in-home service plan. Nililina niya ang mga detalye ng direksyon at layunin ng suporta, at isinusulat ang pangalan atbp. ng mga home-visit care worker, partikular na mga detalye ng ibinibigay na serbisyo, oras na kakailanganin, schedule, atbp.

4-028



Ang taong responsable sa pagbibigay ng serbisyo ang naghahanda ng home-visit care plan atbp. Ang adult guardianship system, proyekto sa pagsuporta sa pagsasarili sa pang-araw-araw na pamumuhay, atbp. ang gumagampan sa pang-araw-araw na pinansiyal na pamamahala para sa mga taong hindi sapat ang kakayahang humusga (mga taong hindi sapat ang kakayahang humusga sa loob ng mga matatandang may dementia, mga taong may intelektwal na kapansanan, mga taong may mental na kapansanan, atbp.).

4-029



Kabilang sa mga trabaho ng taong responsable sa pagbibigay ng serbisyo ang pagsasaayos ng paggamit ng home-visit care, pag-alam sa kondisyon ng mga user, at pagbibigay ng teknikal na gabay sa mga home-visit care worker (home helper) atbp. Ang pagpapatawag ng mga in-home service provider at pagdaraos ng pulong ng mga taong namamahala sa serbisyo ay tungkulin ng isang nursing care support specialist (care manager).

4-030



Ang operator ng mga regular patrol / on-demand home-visit nursing care and nursing service ay dapat gampanan ng mga propesyonal tulad ng nars, certified care worker, atbp. Siya ang tatanggap ng report mula sa mga user at kanilang mga pamilya, magpapasya kung kailangan o hindi ng suporta sa konsultasyon o pagbisita atbp., at tutugon sa mga serbisyong ibinibigay ayon sa pangangailangan.

4-031



Ang regular patrol / on-demand home-visit nursing care and nursing service ay itinatag bilang isang sistemang sumusuporta sa 24 oras na pamumuhay sa bahay ng mga taong nangangailangan ng nursing care. Bilang karagdagan sa regular na pagbisita, nagbibigay ng serbisyo bilang pagtugon sa report mula sa mga user.

4-032



Ang regular patrol / on-demand home-visit nursing care and nursing ay itinatag bilang isang sistemang sumusuporta sa 24 oras na pamumuhay sa bahay ng mga taong nangangailangan ng nursing care. Hindi sakop ang mga taong nangangailangan ng suporta.

4-033



Ang small-scale multifunctional in-home nursing care ay isang serbisyong nakatuon sa “pagpunta sa pasilidad”, at hinaluan ng “pagbisita” at “overnight stay” ayon sa pangangailangan. Layunin nito na suportahan ang mga taong nangangailangan ng nursing care upang maipagpatuloy nila ang pamumuhay sa nakasanayang lugar kahit na magkaroon ng katamtaman o malubhang antas ng pangangailangan, batay sa kanilang kondisyon at kagustuhan.

4-034



Ang small-scale multifunctional in-home nursing care ay isang community-oriented service na itinalaga ng munisipalidad, at sa patakaran, ang mga residente lamang ng munisipalidad na iyon ang maaaring gumamit nito.

4-035



Sa nursing and small-scale multifunctional in-home nursing care, ibinibigay ang pinagsamang pangangalaga ng nars at nursing care. Sinusuportahan nito ang mga taong nangangailangan ng maayos na paglipat mula sa paglabas ng pasilidad patungo sa pamumuhay sa bahay, end-of-life care period tulad ng terminal stage ng cancer atbp., pagpapatuloy ng pamumuhay sa bahay sa panahong pabagu-bago ang sintomas ng sakit, respite care para sa pamilya, at pagbabawas ng pasanin sa pamamagitan ng pagtugon sa konsultasyon.

4-036



Ang short-term admission para sa nursing care sa pamumuhay ay isang serbisyo na maaaring gamitin ng mga nangangailangan ng nursing care bilang serbisyo sa bahay, hindi alintana kung nagpasa o hindi ng aplikasyon sa mga welfare facility for the elderly requiring long-term care. Gayunman, hindi ito maaaring gamitin ng mga gumagamit ng serbisyo sa pasilidad o gamitin kasabay ng ilang community-oriented service.

4-037



Ang mga taong pinag-uukulan ng proyekto sa pag-iwas sa nursing care at pagsuporta sa pamumuhay sa ilalim ng komprehensibong proyekto sa pag-iwas sa nursing care at pagsuporta sa pang-araw-araw na pamumuhay ay ang mga taong naaprubahan bilang nangangailangan ng suporta at mga taong natutugunan ang basic checklist (mga taong pinag-uukulan ng proyekto).

4-038



Sa mga pamantayan sa pagpapatakbo atbp. ng mga (itinalagang) tanggapan para sa day care, itinakda ang mga hakbang para sa oras ng emergency. Kinakailangan ng mga hakbang kabilang ang paghahanda ng plano ng mga hakbang para sa oras ng emergency, pagsasaayos ng isang sistema ng pagreport at pakikipagtulungan sa mga kaugnay na institusyon, pagsasagawa ng mga pagsasanay sa paglikas at pagligtas, atbp.

4-039



Sa mga pamantayan sa pagpapatakbo atbp. ng mga (itinalagang) tanggapan para sa home-visit care, itinakda ang pagbabawal na tumanggi sa pagbibigay ng serbisyo. Gayunman, bilang makatuwirang dahilan ng pagtanggì sa pagbibigay ng serbisyo, maibibigay ang pagiging labas sa lugar kung saan karaniwang

4-040



Kahit sa mga serbisyo sa pamamagitan ng panunuluyan, kailangang magsikap na aktibong gumawa ng pagkakataon para lumabas ang mga taong nanunuluyan.

4-041



Sa pagtutulungan sa pagitan ng iba't ibang propesyon sa pagsasagawa ng nursing care, kanais-nais na sumuporta bilang pantay na katayuan ang ilang tao na magkakaiba ang katayuan.

4-042



Hindi lamang mga propesyonal ang kabilang sa team na nagtutulungan sa pagitan ng iba't ibang propesyon, kundi sumusuporta rin bilang miyembro ng team ang mga commissioned welfare volunteer, boluntaryo, pamilya, at lokal na residente.

4-043



Ang pagtutulungan sa pagitan ng mga medikal na kawani at mga care worker sa pagsasagawa ng nursing care ay hindi lamang sa oras na masama ang pakiramdam ng user, kundi mula sa karaniwang araw ay nagtutulungan sila sa pagbibigay ng pangkalahatang suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay ng user.

4-044



Sa pagtutulungan sa pagitan ng iba't ibang propesyon sa pagsasagawa ng nursing care, kailangang magsikap na lutasin ang mga task sa pamumuhay at pabutihin ang kalidad ng pamumuhay (QOL) sa pamamagitan ng pagbabahagi sa mga user at tagapag-alaga sa pamilya ng mga impormasyon tungkol sa direksyon ng pangangalaga.

4-045



Ang mga care worker ay dapat magsagawa ng ligtas at angkop na pangangalaga na may batayan. Kahit na may kahilingan mula sa user, lumalabag sa etika bilang isang propesyonal ang pagsasagawa ng kilos na walang kaugnayan sa mga kasanayan sa nursing care.

4-046



Sa patakaran, hindi maaaring magsagawa ng medikal na gawain ang isang care worker. Ang ilang gawaing medikal (sputum suction at tube feeding) na itinakda bilang medikal na pangangalaga ay maaaring isagawa ng mga care worker atbp. na nakapagtapos ng pagsasanay alinsunod sa utos ng doktor sa ilalim ng isang tiyak na kondisyon.

4-047



Mula sa "Pangangalaga sa privacy" sa code of ethics ng The Japan Association of Certified Care Workers at "Obligasyon sa pagpapanatili ng pagkakumpidensiyal" sa Certified Social Worker and Certified Care Worker Act, kailangan itong ipaliwanag sa user at sa kanyang pamilya at kunin ang kanilang pahintulot.

4-048



Ang pagpigil sa user na lumabas mula sa kanyang kuwarto ay itinuturing na pisikal na pang-aabuso. Hindi ito nararapat dahil isa itong kilos na lumalabag sa dignidad.

4-049



Lalo na sa pagtulong sa pag-ihi at pagdumi, kailangang isaalang-alang ang privacy at pagkahiya ng user, kaya hindi naaangkop na gawin ito habang nakabukas ang pinto.

4-050



Kahit na sabihin ng user na “Okay lang ako”, may posibilidad na nabalian ng buto atbp., kaya hindi dapat magdesisyon sa sarili ang care worker at kailangang makipagtutungan sa mga nars, attending physician, at iba pang medikal na kawani.

4-051



Sa “Obligasyon sa pagpapanatili ng pagkakumpidesiyal” ng Certified Social Worker and Certified Care Worker Act, itinakda na “Hindi dapat magbunyag ng mga lihim ng ibang tao na nalaman sa trabaho nang walang makatuwirang dahilan.”

4-052



Ang pagkabit ng waist belt sa wheelchair ng user upang limitahan ang kanyang pagkilos ay itinuturing na physical restraint at hindi ito naaangkop. Sa kaso ng emergency at hindi maiiwasang pangyayari, kailangang ipaliwanag nang husto at ipaunawa sa user at sa kanyang pamilya ang mga detalye, layunin, oras, panahon, atbp. ng physical restraint, at obligasyon na maghanda ng rekord.

4-053



Ang mga business operator na humahawak ng personal na impormasyon ay hindi dapat magbigay ng personal na data sa ikatlong partido nang walang antimanong pagkuha ng pahintulot mula sa mismong tao. Gayunman, maaaring ibigay ito kung kinakailangan para mapangalagaan ang buhay, katawan o ari-arian ng isang tao at mahirap makuha ang kanyang pahintulot.

4-054



Ang mga business operator na humahawak ng personal na impormasyon ay hindi dapat magbigay ng personal na data sa ikatlong partido nang walang antimanong pagkuha ng pahintulot mula sa mismong tao. Kung gagamit ng personal na impormasyon ng user sa pulong ng mga taong namamahala sa serbisyo, kailangan na antimanong linawin sa user at sa kanyang pamilya ang layunin ng paggamit nito at kunin ang kanilang pahintulot.

4-055



Kabilang sa personal na impormasyon ang mga dokumento, guhit, at electromagnetic record, at ang larawan ng mukha ay isang personal na data na makakapagtukoy sa mismong tao, kaya kailangan na antimanong linawin sa user at sa kanyang pamilya ang layunin ng paggamit at kunin ang kanilang pahintulot.

4-056



Kung hiningi ng lilipatang pasilidad ang personal na impormasyon ng user, kailangan na antimanong linawin sa user at sa kanyang pamilya ang layunin ng paggamit at kunin ang kanilang pahintulot.

4-057



Sa Fire Service Act, itinakda bilang obligasyon ang pagsasagawa ng pagsasanay sa pagpatay ng apoy at paglikas nang 2 beses o higit pa sa isang taon.

4-058



Obligasyon ng puno ng munisipalidad ang paghahanda ng listahan ng mga taong nangangailangan ng suporta sa paglikas at pagbibigay ng impormasyon ng listahan sa mga taong may kaugnayan sa suporta sa paglikas atbp.

4-059



Hindi kailangang suriin ang lahat ng nanunuluyan kung sila ay carrier o hindi. Ang pagiging carrier lamang ay hindi nakakaapekto sa kalagayan ng kalusugan.

4-060

Sa halip na limitahan ang aktibidad sa pakikibahagi sa mga recreation ng mga user na carrier, susubaybayan ang kanilang kalusugan.



4-061

Itinakda bilang obligasyon ang pagtatatag ng isang komite para sa pag-iwas sa impeksyon, pagpupulong ng komite nang hindi bababa sa 1 beses sa humigit-kumulang 3 buwan, at tiyak na pagbibigay-alam ng mga resulta ng pagpupulong sa mga care worker at iba pang empleyado.



4-062

Ang paggamit ng ilang tao ng iisang tuwalya ay maaaring sanhi ng impeksyon kaya hindi ito naaangkop.



4-063

Kung may matuklasan na abnormalidad sa kalagayan ng kalusugan ng mga nanunuluyan, ireport ito sa mga medikal na kawani tulad ng doktor, nars, atbp.



4-064

Ang excretion ay naglalaman ng bakterya, kaya isagawa ito nang nakasuot ng disposable gloves para sa bawat user bilang hakbang sa pag-iwas sa impeksiyon. Bukod dito, hugasan ang mga kamay bago at pagkatapos ng pagtulong.



4-065

Ang mga pakiramdam ng kawalan ng sigla, kapaguran at kawalan ng interes ay mga sintomas ng burnout syndrome.



4-066



Sa patakaran, ang panahon ng childcare leave ay hanggang sa araw na umabot sa 1 taong gulang ang anak na aalagaan (hanggang sa araw bago ang kaarawan niya). Sa karagdagan, sa kaso lamang na naaprubahan bilang partikular na kinakailangan para maipagpatuloy ang pagtatrabaho, maaaring pahabain ang childcare leave hanggang sa araw na umabot sa 1 at kalahating taon (2 taon kung muling pinahaba) ang anak na aalagaan.

4-067



Maaaring kumuha ng nursing care leave hanggang 5 araw kada taon para sa nauukol na miyembro ng pamilya na nangangailangan ng nursing care at iba pang pag-aalaga, o hanggang 10 araw kung mayroong 2 o higit pang taong nangangailangan ng nursing care. Sa karagdagan, nirebisa ang batas at maaari nang kumuha ng nursing care leave sa bilang ng oras mula noong Enero 1, 2021.

4-068



Kung magsasagawa ng nursing care para sa nauukol na miyembro ng pamilya na nangangailangan ng nursing care nang 2 linggo o higit pa, maaaring kumuha ng bakasyon nang nahahati hanggang sa 3 beses para sa bawat miyembro ng pamilya, hanggang sa kabuuang 93 araw.

4-069



Sa mga business operator na may 50 manggagawa o higit pa, obligasyon ang pagsasagawa ng stress check, at mayroon namang obligasyong magsikap ang mga business operator maliban dito.

4-070



Ang stress check ay isinasagawa sa layunin na maiwasan nang maaga ang mga problema sa mental health bilang “primary prevention”. Bukod dito, tutuklasin nang maaga ang mga problema sa mental health at tutugon nang naaangkop bilang “secondary prevention”. Ang “tertiary prevention” ay naglalayong suportahan ang mga manggagawang nagkaroon ng problema sa mental health para makabalik sa trabaho.

4-071



Sa mga tanggapan kung saan obligasyon ang stress check, itinakda na dapat isagawa ang pagsusuring ito sa lahat ng manggagawa nang 1 beses kada taon. Gayunman, hindi sakop ang mga manggagawa na ang panahon ng kontrata ay mas mababa sa 1 taon at mga part-time na manggagawa na nagtatrabaho nang mas mababa sa 3/4 ng nakatakdang oras ng pagtatrabaho ng karaniwang manggagawa.



Mga punto sa pag-aaral

■ Depinsiyon ng certified care worker

Itinakda sa Certified Social Worker and Certified Care Worker Act na “Ang ‘certified care worker’ ay tumutukoy sa taong naghistro ayon sa Artikulo 42, Talata 1, ginagamit ang titulo na certified care worker, nagsasagawa ng nursing care na naaayon sa kondisyon ng isip at katawan ng mga taong may pisikal o mental na kapansanan na nakakasagabal sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay gamit ang mga dalubhasang kaalaman at kasanayan [kabilang ang sputum suction at iba pang kilos na kailangan para sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga taong iyon at isinasagawa alinsunod sa utos ng doktor (limitado sa mga itinakda ng Ministry of Health, Labour and Welfare; mula rito ay tutukuyin bilang ‘sputum suction atbp.’)], at nagbibigay ng gabay tungkol sa nursing care sa mga taong iyon at kanilang mga tagapag-alaga (mula rito ay tutukuying bilang ‘nursing care atbp.’)”.

5

**Mga Kasanayan sa
Komunikasyon**

A

5-001



Ang confrontation technique ay isang technique para mapansin ng kausap ang mga sariling problema sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga pagkakaiba at kontradiksyon sa kanyang sinasabi at mga hindi pagkakatugma ng kanyang mga salita at pag-uugali (➡ tingnan ang G004).

5-002



Ang paraphrasing technique ay isang technique kung saan ipinapahayag ang sinabi ng kausap sa ibang salita. Ang pagsasaayos at pagsabi ng mga detalye ng sinabi ng kausap ay tinatawag na summarizing technique (➡ tingnan ang G004).

5-003



Ang clarification technique ay isang technique para maisaayos ng kausap ang sariling opinyon at damdamin sa pamamagitan ng pagsabi sa salita ng mga iniisip at nararamdaman ng kausap (➡ tingnan ang G004).

5-004



Ginagamit ang mga saradong tanong sa mga taong may motor language disorder at iba pang taong nahihirapang magsalita. Maaaring ipagpatuloy ang maayos na komunikasyon sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga tanong na masasagot ng “oo” o “hindi” lamang.

5-005



Dahil hindi alam ang dahilan ng pagbaba ng motibasyon ng user, mahalagang pagtuunan muna ng pansin ang dahilan ng pagbaba ng motibasyon, sa halip na baguhin ang pag-iisip.

5-006



May iba't ibang background at dahilan ng pagbaba ng motibasyon, kaya mahalagang isaalang-alang ang kinalalagyang sitwasyon ng user. Halimbawa, maaaring makaramdam siya ng depresyon dahil sa pagkamatay ng kamag-anak o taong malapit, o dahil sa kanyang pagtanda o sakit.

5-007



Kahit na nasa kondisyon na mababa ang motibasyon ng user, mahalagang igalang ang kanyang pagpili at pagpapasya. Ang pagpapasya sa sarili ay maaaring maging pagkakataon na tumaas ang motibasyon ng user.

5-008



Ang mga taong may kapansanan sa paningin ay maaaring mahirapang unawain ang mga direksyon sa pamamagitan ng pagsabi ng “doon” o “dito”, kaya mahalagang magsalita nang partikular tulad ng “kanan”, “kaliwa”, “harap”, atbp.

5-009



Ang aktibong pakikinig ay hindi lamang pakikinig, kundi pagtuon ng sapat na interes sa kausap at pakikinig upang maunawaan ang mga damdamin at pag-iisip na nakatago sa likod ng mga salita. Mahalaga para sa mga care worker na magkaroon ng pag-uugali ng maingat na pakikinig sa mga sinasabi ng user.

5-010



Mahalaga para sa mga care worker ang pag-uugali na tanggapin ang mga sinasabi ng user kung ano lamang ang mga ito at subukang unawain ang sinabi mula sa pananaw ng user, sa halip na maghusga batay sa sariling konsepto ng pagpapahalaga.

5-011



Ang mapagmalasakit na pag-uugali ay tumutukoy sa aktibong pakikiramay sa nararamdaman at iniisip ng kausap. Ang paghula sa nararamdaman ng kausap ay isang saloobin ng aktibong pakikinig. Mahalaga para sa mga care worker na makinig sa mga sinasabi ng user habang hinuhulaan ang kanyang damdamin na hindi naipapahayag sa salita.

**5-
012**



Ang pagtanggap ay nangangahulugan ng pagtanggap kung ano lamang ito nang hindi pinipigilan, kahit ang negatibong damdamin. Kapag pinigilan ang negatibong damdamin ng user, hindi na niya masasabi nang malaya ang kanyang iniisip, kaya mahalaga para sa mga care worker na magpakita ng pag-uugali ng pagtanggap sa mga bagay kung ano lamang ang mga ito.

**5-
013**



Kapag nakikipag-usap sa isang tao sa unang pagkakataon, ikaw at ang iyong kausap ay parehong hindi masyadong alam ang tungkol sa isa't isa, kaya kung bigla na lamang dumiretso sa nais pag-usapan, magiging dependsibo ang kausap, kakabahan at mahihirapang ipagpatuloy ang pag-uusap. Maaaring lumikha ng naka-relax na atmosphere para mag-usap kapag sinimulan ang pag-uusap mula sa maliliit na pangyayari atbp. sa pang-araw-araw.

**5-
014**



Dahil nagiging malaking pasanin sa isang taong walang ganang makipag-usap ang pakikipag-usap gamit ang mga bukas na tanong, mahalagang makipag-ugnayan nang naaayon sa kondisyon ng taong kausap.

**5-
015**



Sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga bukas na tanong, magiging madaling ibuod at linawin ang gustong sabihin ng mga taong hindi maipahayag nang malinaw ang kanilang iniisip.

**5-
016**



Ang saradong tanong ay tumutukoy sa mga tanong na masasagot ng “oo” o “hindi”. Para sa mga user na humina ang kakayahang makipag-usap dahil sa dementia, kanais-nais na magtanong gamit ang mga saradong tanong. Kapag nagtanong ng bukas na tanong, maaaring hindi nila ito maintindihan, o maaari itong magdulot ng pagkalito o pagkabalisa dahil hindi nila alam ang isasagot atbp.

**5-
017**



Mahalaga para sa mga care worker na gumamit ng mga bukas na tanong o saradong tanong habang isinasaalang-alang ang sitwasyon at damdamin ng kausap.

5-018



Ang paghikayat na magsalita sa isang taong may dysarthria at hindi kayang bumigkas nang malinaw ay maaaring magpahirap sa taong iyon. Kapag nakikipag-usap, mahalaga ang saloobin ng pakikinig at pagsisikap na unawain ang sinasabi ng user, at nakakatulong ito sa pagkakaroon ng motibasyon ng user.

5-019



Ang taong may sensory aphasia ay nahihirapang maunawaan ang pasulat na wika at pasalitang wika. Dahil dito, maraming silang pagkakamali sa gramatika, gumagamit ng maraming salita na walang kahulugan, at may inklinasyon na lumikha sa sarili ng mga bagong salita.

5-020



Ang taong may motor aphasia ay nahihirapang magsalita, ngunit nananatili siyang nakakaintindi ng wika. Dahil dito, epektibong gumamit ng mga saradong tanong na masasagot ng “oo” o “hindi”, at mga impormasyon na nakukuha gamit ang paningin.

5-021



Ang taong may kapansanan sa pandinig ay nakakakita, kaya hindi kailangan ng braille. Kabilang sa mga epektibong pamamaraan ang sign language, pasulat na komunikasyon, speech reading, atbp.

5-022



Ang hearing aid ay ginagamit ng mga taong may kahirapang makarinig upang makarinig sila nang mabuti. Gayunman, dahil maririnig din ang ibang tunog maliban sa boses, kailangang gumamit ng hearing aid na naaangkop sa gagamit.

5-023



Ang taong may kapansanan sa paningin ay gumagamit ng mga impormasyong nakukuha mula sa tainga, balat, ilong, atbp. upang malaman ang sitwasyon sa kanyang paligid. Sa kabaligtaran, ang paggamit ng malakas na boses atbp. sa paligid ng isang taong may kapansanan sa paningin ay nakakasagabal sa pagkuha niya ng impormasyon, kaya kailangang mag-ingat.

**5-
024**



Ang sublanguage ay tumutukoy sa tono ng pananalita kabilang ang lakas, intonation, haba, atbp. ng mga salita kapag binibigkas ang mga ito. Kabilang sa sublanguage ang iba't ibang mensahe na ipinapadala sa di-berbal na paraan, kaya mahalagang intensyonal na gamitin ito kapag nakikipag-usap sa mga taong may kapansanan sa paningin.

**5-
025**



Ang mga paksa ng pag-uusap ay dapat nakatuon sa kung ano ang gustong pag-usapan ng user at kung ano ang gusto niyang marinig. Sa ganitong paraan, makakalapit sa detalye ng mga nararamdaman tulad ng pagkabalisa, kagalakan, atbp., at mga problema ng user.

**5-
026**



Ang layunin ng aktibong pakikinig ng care worker ay upang mapakinggan at maunawaan ang damdamin at iniisip ng user. Ang kuwento ng mga user ay naglalaman ng iba't ibang elemento kabilang ang mga obhetibong katotohanan, ngunit mahalagang pahalagahan muna ang damdamin ng user at sikap ng unawain ito.

**5-
027**



Kapag nakikipag-usap sa isang user at tahimik siya, ito ay isang sitwasyon kung saan ang user ay malayang nag-iisip o nagbubuod ng iba't ibang opinyon. Mahalagang magbigay ng mga pagkakataon para sa user na magsalita nang malaya at ipahayag ang kanyang sarili sa pamamagitan ng paggugol ng oras nang magkasama habang nakikisabay sa kanyang pace.

**5-
028**



Ang user na may depresyon ay may oras na nananahimik, ngunit may kahulugan ang katahimikang ito. Mahalagang alisin ang sikolohikal na pasanin sa pamamagitan ng paglapit sa kanya habang iniisip kung bakit siya nananahimik nang hindi nagmamadali.

**5-
029**



Makikita sa isang user na may depresyon ang sitwasyon na walang gana, tinatamad, atbp. na gawin ang anumang bagay. Mahalagang bantayan siya nang tahimik dahil ang paghihiyakat ng pag-uusap ay nagiging pasanin sa kanya.

5-030



Ang user na may depresyon ay mahalagang bantayan habang tinitiyak ang oras na nakakapagpahinga ang kanyang isip at katawan, at huwag aktibong magrekomenda ng anumang bagay.

5-031



Mahalagang ipaalam ng care worker sa user na may depresyon na binabantayan siya upang mapanatag ang loob at magkaroon ng kapayapaan ng isip ang user.

5-032



Ang estilo ng pagsasalaysay ay isang estilong ginagamit sa pagtatala ng mga pangyayari kung paano nangyari ang mga ito. Ang estilo ng pagbubuod ay isang estilong nagsasaayos sa bawat item bago itala ang mga impormasyon (➡ tingnan ang G004).

5-033



Ang estilo ng pagbubuod ay ginagamit sa layuning maiwasan na maging mahirap maunawaan ang mga pangunahing punto dahil sa paggamit ng mahahabang pangungusap sa pagtatala. Ginagamit ito sa pagtatala ng mga kaso na nagpapatuloy sa mahabang panahon (➡ tingnan ang G004).

5-034



Ang estilo ng pagpapaliwanag ay ginagamit upang ilarawan ang mga pagsusuri at interpretasyon ng mga kahulugan ng iba't ibang pangyayari na naganap (➡ tingnan ang G004).

5-035



Ang estilo ng eksaktong salita ay tumutukoy sa pagtatala ng pag-uusap sa pagitan ng user at care worker nang hindi ito binabago. Itinatala rin ang mga pagtango, pagngiti, atbp. (➡ tingnan ang G004).

**5-
036**

Bilang patakaran, ang ulat ng care worker ay dapat magsimula sa konklusyon ng mga katotohanan ng kaganapan.



**5-
037**

Ang pag-uulat ng care worker ay isinasagawa ayon sa pangangailangan kahit na ang trabaho ay matatagalan kaysa sa inaasahan, dahil maaaring magbago ang sitwasyon ng user o pagkakasunud-sunod ng mga prayoridad ng mga bagay na dapat gawin.



**5-
038**

Sa pag-uulat ng care worker, mahalagang maghatid ng impormasyon gamit ang mga partikular na salita upang maiwasan ang maling pagkakaunawa o pag-unawa sa sariling pananaw ng taong tumanggap ng ulat sa mga nilalaman ng ulat.



**5-
039**

Ang pag-uulat ng care worker ay isinasagawa sa pagitan ng nag-utos at care worker na tumanggap ng utos, kaya mahalagang makumpirma ang sitwasyon sa pamamagitan ng tiyak na pag-uulat sa taong nag-utos tungkol sa trabahong iniutos.



**5-
040**

Dahil ang pagpapalagay ay iba sa katotohanan, mahalagang mag-ulat nang may malinaw na pagbubukod sa mga pagpapalagay at mga katotohanan.



**5-
041**

Sa pag-uulat nang pasalita, sabihin muna ang konklusyon bago iulat ayon sa pagkakasunud-sunod ang pag-unlad ng mga pangyayari. Dahil may ilang kaso sa pag-uulat ng aksidente na nangangailangan ng agarang pagtugon, maaaring matagalan sa pag-uulat ng pag-unlad ng mga pangyayari at mahirapan sa pagtugon.



5-042



Ang ulat ng aksidente ay hindi lamang para sa pagtatago ng impormasyon, kundi ito ay mayroon ding mahalagang layunin na magbahagi ng impormasyon sa buong team para hindi na maulit muli ang parehong aksidente. Pagkatapos matanggap ang ulat, matututunan ng team kung bakit nangyari ang aksidente, kung naaangkop ang pagtugon sa aksidente, atbp.

5-043



Sa pag-uulat ng aksidente, kahit ang maliit na aksidente ay maaaring humantong sa malaking aksidente. Mahalagang iulat sa lalong madaling panahon ang mga aksidente.

5-044



Dahil ang mga kilos na ginawa sa oras ng aksidente ay nauugnay sa paghuhusga ng care worker, sabay na iniulat ang mga ito.

5-045



Sa pamamagitan ng pagtatala ng ulat ng aksidente kasabay ng pag-uulat nang pasalita, maipapahatid ang atmosphere atbp. sa oras na iyon at madaling maunawaan ang sitwasyon.

5-046



Bilang karagdagan sa pagbabahagi ng impormasyon, ang pagpupulong ay isa ring lugar kung saan nilulutas ang mga problema.

5-047



Basahin nang maaga ang mga materyales upang maisagawa nang maayos ang pagpupulong at makalahok nang may sariling opinyon.

**5-
048**



Ang care conference ay isinasagawa upang makapagbigay ng mas mahusay na pangangalaga habang isinasaalang-alang ang mga intensyon at kagustuhan ng user at ng kanyang pamilya.

**5-
049**



Layunin ng isang supervisor na pahasayin ang mga kaalaman, kasanayan, at kadalubhasaan ng mga supervisee.

**5-
050**



Sa brainstorming, huwag punahin ang opinyon ng ibang tao. Ang hindi pagpuna ay nagbibigay-daan sa malayang pagpapahayag ng iba't ibang opinyon.



Mga punto sa pag-aaral

■ Mga counseling technique

Technique	Detalye
Confrontation	Technique kung saan tinutukoy ang mga pagkakaiba at kontradiksyon sa mga sinasabi ng kausap, at mga hindi pagkakatugma ng kanyang mga salita at pag-uugali.
Summarizing	Technique kung saan ibinubuo para iparating sa ibang tao ang mga narinig na impormasyon.
Repeating	Technique kung saan inuulit ang sinabi ng kausap.
Paraphrasing	Technique kung saan ipinapahayag ang sinabi ng kausap sa ibang salita.
Reflection	Technique kung saan tinatanggap ang mga salita at mga di-berbal na pagpapahayag tulad ng mga galaw atbp. at pagpaparating nito sa kausap.
Focusing	Technique kung saan bumubuo ng direksyon ng usapan sa pamamagitan ng pagtutok sa kung ano ang gustong pag-usapan ng kausap.
Questioning	Technique para mapalalim ang pag-uusap at mailabas ang impormasyon mula sa kausap.
Clarification	Technique para linawin ang mga bagay na hindi pa sinasabi ng kausap, mga bagay na hindi malinaw, at ang kanyang nararamdaman.

■ Estilo ng pagtatala

Estilo ng pagtatala	Detalye
Pagsasalaysay	Estilong ginagamit sa pagtatala ng mga pangyayari kung paano nangyari ang mga ito.
Pagbubuo	Estilo ng pagsasaayos ng impormasyon sa bawat item bago itala.
Pagpapaliwanag	Estilong ginagamit upang ilarawan ang mga pagsusuri o interpretasyon ng mga kahulugan ng mga pangyayari.
Eksaktong salita	Estilong ginagamit sa pagtatala ng eksaktong palitan ng mga salita sa pagitan ng sarili at ng kausap.

6

**Mga Kasanayan sa
Pagsuporta sa
Pamumuhay**

A

Mga Sagot/Paliwanag

A

6-001



Ang mga taong pinag-uukulan ng suporta sa pagsasarili ay hindi limitado sa mga user na hindi nakakapagpahayag ng sariling kalooban. Tungkol sa mga pangangailangan sa pamumuhay ng mga user na hindi nakakapagpahayag ng sariling kalooban, isang mahalagang tungkulin ng mga care worker na hikayatin ang kanilang potensyal na kakayahan at magsalita para sa kanila (advocacy).

6-002



Kailangang igalang ng mga care worker ang mga gawi sa pamumuhay at konsepto ng pagpapahalaga ng mga user sa nakaraan, at suportahan sila upang makapamuhay nang may dignidad.

6-003



Kailangang isagawa ang suporta sa pamumuhay nang may pag-unawa sa kasaysayan ng buhay (life history) na nauugnay sa pagbuo ng pag-iisip, konsepto ng pagpapahalaga, partikular na kagustuhan, at self-esteem ng user bilang karagdagan sa pagtutok sa kanyang pag-unlad at developmental age.

6-004



Sinusuri ng care worker ang mga pangangailangan sa pamumuhay ng user nang may maingat na pagsasaalang-alang sa impluwensiya ng mga “salik sa kapaligiran” at “personal na salik” na nasa background, bilang karagdagan sa mga paggana sa pamumuhay na “aktibidad” at “pakikibahagi”, bukod pa sa “kalagayan ng kalusugan” at “paggana ng isip at katawan at istraktura ng katawan”.

6-005



Bagama’t may potensyal na lakas ang isang tao, maaaring hindi niya ito maipakita dahil sa iba’t ibang salik. Kailangang suportahan ng care worker ang user upang maipakita ang lakas na ito.

6-006



Ang patuloy na paninirahan sa lugar na nakasanayang tirahan sa loob ng maraming taon ay nagbibigay-daan para maipagpatuloy ng mga matatanda ang mga ugnayang binuo ng kanilang mga ninuno at ugnayan sa komunidad, at nakakatulong din ito upang mapayaman ang kanilang buhay.

6-007



Tradisyonal na Japanese lifestyle ang paraan ng pag-upo sa sahig noon, ngunit nitong mga nakaraang taon, umiiral na ang eclectic type kung saan naihalo ang Western lifestyle na nagmula sa Europe at America.

6-008



Dahil mahirap ang kilos sa pagbangon mula sa sahig at mahirap ang paglalata at pagliligpit ng futon, naging pamantayan ang pagtulog sa kama. Mahalaga ring maglaan ng espasyo para sa bedmaking, para sa mga tagapag-alaga, at para sa pag-ikot ng wheelchair.

6-009



Dapat bahagyang mataas ang posisyon ng Western-style na bedpan dahil mahihirapan sa pagtayo at pag-upo at magdudulot ng pasanin sa tuhod kung mababa ito. Sa karagdagan, mahalaga ring maghanda ng heating equipment sa panahon ng taglamig upang maiwasan ang heat shock.

6-010



Mahalaga ring maghanda ng transferring table, handrail, non-slip mat, atbp. para maging matatag ang pagpasok at paglabas mula sa bathtub.

6-011



Kapag may kable atbp. sa dinadaanang sahig ng user sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay, madaling sumabit ang kable sa paa ng user, na maaaring magdulot ng pagkatumba. Maaaring matapilok kapag naglagay ng takip sa kable, kaya magsagawa ng hakbang sa kaligtasan tulad ng pagpipirmi ng mga kable sa mga sulok ng silid atbp. hangga't maaari.

6-012



Kapag pinagpag nang malakas ang futon, maaaring lalong kumalat ang mga patay na dust mite at pollen, at makapinsala sa tela ng futon na nagpapadali sa pag-ipon ng alikabok, kaya kailangang gumamit ng vacuum para linisin ito.

6-013



Magbigay ng payo na maglagay ng mga non-slip mat upang ipirmi ang mga muwebles, fall-prevention bar, atbp., at huwag magkabit ng caster wheel sa mga muwebles. Magkabit ng stopper sa mga muwebles na may caster wheel upang maiwasan ang pagtumba o pagkahulog ng mga ito kung sakaling lumindol.

6-014



Maghanda ng mga ligtas na ruta sa paglikas sa labas sa 2 direksyon o higit pa. May posibilidad din na maharangan ang ruta sa paglikas dahil sa mga bumagsak na bagay, pagguho o pagtagilid ng gusali na dulot ng lindol. Kumpirmahin nang maaga ang mga kilos na dapat gawin, kabilang ang mga ruta sa paglikas, ligtas na lugar, atbp.

6-015



Ang sakop ng nursing care insurance ay ang pagpapalit ng pinto sa sliding door at hindi sa automatic door. Kabilang dito ang mga trabaho sa pagkukumpuni ng pader o haligi na dulot ng pagkakabit ng doorknob at mga gulong ng pinto, pag-alis ng pinto at pagpapalit ng pinto.

6-016



Maaaring baguhin ang materyales ng sahig o ibabaw ng daanan upang maiwasan ang pagdulas at mapadali ang paglipat. Kabilang dito ang pagpapalit ng materyales ng sahig sa sala at banyo, at ang pagkukumpuni at pagpapatibay ng pundasyon at pagsasaayos ng lupa na dulot ng pagpapalit ng sahig.

6-017



Hindi maaaring magdagdag ng washing function sa kasalukuyang ginagamit na inidoro. Kabilang dito ang pagpapalit ng Japanese-style na inidoro sa Western-style na inidoro atbp., at ang pagpapalit ng materyales ng sahig na dulot ng pagpapalit ng inidoro. Hindi kabilang ang trabaho sa pagpapalit sa seat-type na inidoro o flush toilet na hindi nangangailangan ng construction work.

6-018



Hindi nito binibigyang-prayoridad ang mga matatanda, kundi itinuturing na maaaring gamitin ninuman nang patas. Ang universal design ay inihahanda para magamit ninuman, at itinakda na dapat maging madaling makuha, at maging patas na maaaring gamitin ninuman sa parehong paraan.

6-019



Hindi nito pinagsasama bilang isa ang mga paraan ng paghahatid ng impormasyon, kundi naglalayon na maunawaan kaagad ang mga kinakailangang impormasyon. Sabay-sabay na ginagamit ang magkakaibang paraan tulad ng mga larawan, letra, pandama, atbp. upang maipahatid nang husto ang mahahalagang impormasyon, nang hindi alintana ang paningin, pandinig, at iba pang kakayahan sa pandama ng user.

6-020



Kailangang magkaroon ng espasyo at laki na madaling gamitin at ma-access ng mga tao, anuman ang kanilang pangangatawan, postura, at kakayahan sa paglipat. Gawing madaling makita at maabot ang mahahalagang bagay, at siguraduhing may sapat na espasyo para sa mga assisting tools at tagasuporta.

6-021



Ang spinocerebellar degeneration ay isang neurological disease na ang pangunahing sintomas ay ataxia. Nagkakaroon ng kapansanan sa paglalakad dahil sa ataxia sa lower limbs, dysarthria, ataxia sa upper limbs, at mga sintomas ng Parkinson's disease. Hindi naaangkop ang mga materyales ng sahig na mataas ang elasticity dahil nagiging sanhi ito ng kawalan ng katatagan at pagtapilok.

6-022



Mahalagang iwasan ang panganib ng mga negatibong epekto ng paglipat ng tirahan (relocation damage) at magkaroon ng panatag na loob bilang sariling tirahan saan man tumira.

6-023



Ang mga pasilidad ng suporta para sa mga taong may kapansanan ay nagbibigay ng nursing care sa ilalim ng Act for the Comprehensive Support of Persons with Disabilities (Batas para sa pangkalahatang suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay at panlipunang pamumuhay ng mga taong may kapansanan), at iniuukol ito para sa mga taong may kapansanan na nasa 4 o higit pa sa dibisyon ng suporta para sa mga taong may kapansanan (kung may edad na 50 taong gulang pataas, 3 o higit pa sa dibisyon ng suporta para sa mga taong may kapansanan).

6-024



Ang focus ng pamumuhay ay dapat na nakatuon sa user, at kailangan siyang suportahan para magawa ang pagpapasya sa sarili sa pamamagitan ng pag-unawa sa kanyang mga kagustuhan, hilig, konsepto ng pagpapahalaga, atbp.

6-025



Nagsasagawa ng pagsusuri at ebalwasyon ang mga physical therapist tungkol sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay sa pasilidad at sa bahay. Nakikipagtulungan sila sa mga care worker sa pagbibigay ng suporta upang makapamuhay nang pinag-iisipan ang hinaharap.

6-026



Kung nahihirapan sa maliliit na paggalaw ng mga daliri ng kamay, mahirap gamitin ang maliliit na butones. Dahil dito, madaling gamitin ang magnet type.

6-027



Upang maiwasan ang impeksyon, magpunas mula sa panloob na sulok ng mata patungo sa panlabas na sulok ng mata. Sa karagdagan, hindi mapipinsala ang balat kung punasan ito gamit ang gauze atbp. na ibinabad sa mainit na tubig.

6-028



Marupok ang mga kuko ng matatanda, kaya huwag lakihan ang pagputol at sa halip ay unti-unting putulin.

6-029



Sa executive function disorder, mahirap gawin ang mga bagay habang iniisip ang pamamaraan. Dahil dito, magbigay ng suporta sa pamamagitan ng pagpapasa ng damit nang paisa-isa ayon sa pagkakasunud-sunod ng pagsusuot.

6-030



Sa executive function disorder, may mga pagkakataon na mahirap ang pag-unawa kapag ipinaliwanag sa salita lamang. Dahil dito, mas madaling maunawaan kung sabay na gumamit ng mga gesture at iba pang kilos.

6-031



Ang pagdedesisyon tungkol sa paglipat ng posisyon o lugar ay natatangi sa bawat tao. Kahit na mahirap ang paglipat sa sariling lakas o pagpapahayag ng sariling kalooban, mahalagang alamin ang kalooban ng user, ipaliwanag ang layunin at detalye ng kilos, at kumuha ng pahintulot.

6-032



Kung naobserbahan ang paghina ng mga kalamnan sa magkabilang lower limbs, gamitin ang lakas ng upper limbs at gumamit ng sliding board para gawing posible ang ligtas na paglipat ng posisyon mula sa kama patungo sa wheelchair nang may kaunting suporta. Epektibong maglagay ng handrail sa gilid ng kama para lalong maging ligtas.

6-033



Bago maghanda ng plano sa paglabas, unawain muna kung ano ang mga pangangailangan ng user sa paglabas. Magtipon ng impormasyon tungkol sa layunin ng paglabas, kagustuhang lumabas, kalagayan ng isip at katawan, kapaligiran kung posibleng gumamit ng wheelchair, atbp. bago magpasya kasama ang user.

6-034



Ang paglalagay sa malapit o pagtatakda ng posisyon ng mga bagay na nauugnay sa isang kilos sa pamumuhay ay tinatawag na zoning.

6-035



Ayon sa body mechanics, nagiging matatag ang katawan at ang paglipat ng center of gravity kapag pinalawak ang base of support. Bukod pa rito, may epekto din sa pagpapatatag ng katawan ng user dahil sa paglaki ng contact surface at friction surface.

**6-
036**



Ang apektadong panig ng user na may pagkaparalisa ay may motor paralysis at sensory paralysis, kaya hindi nila ito maigalaw nang maayos sa sariling lakas at nahihirapan silang makadama ng sakit o pamamanhid. Dapat unawain ng mga care worker ang kondisyon ng apektadong panig, at magtuon ng pansin sa posisyon, paraan ng paggalaw, at paglipas ng oras.

**6-
037**



Sa pamamagitan ng maagang paghahanda, naisasaayos ang kapaligiran at espasyo, kaya nagiging posible ang ligtas na pagsuporta. Kailangan na antimanong suriin at isaayos ang mga gamit para maiwasan ang mga aksidente.

**6-
038**



Ang care worker ay dapat na tumayo sa kanang likuran ng user. Dahil hindi nakakagamit ng lakas sa apektadong panig, lubos na mapanganib kapag natumba patungo sa likuran ng apektadong panig. Dahil dito, pumosisyon sa apektadong panig (kanang likuran), suportahan ang kanang braso, at ilapit ang kabilang kamay sa ibabang likod upang suportahan ang katawan.

**6-
039**



Ang care worker ay dapat na pumosisyon sa harapan ng apektadong panig ng user. Suportahan ang kanang braso, at ilapit ang kabilang kamay sa ibabang likod upang suportahan ang katawan. Sa pamamagitan ng pagsuporta sa apektadong panig, maaaring maging matatag ang balanse ng user.

**6-
040**



Nagiging pasanin sa parehong tagapag-alaga at user ang paggamit ng pupulsihan lamang. Dapat palawakin ng care worker ang base of support at ibaba ang center of gravity. Palapitin ang distansiya mula sa center of gravity ng user, at gamitin ang malalaking kalamnan para iangat ang itaas na bahagi ng katawan ng user.

**6-
041**



Dahil nasusuportahan ang 2 punto (handgrip at forearm) sa paggamit ng Lofstrand clutch, ginagamit ito para sa mga user na mahirap suportahan sa pamamagitan ng handgrip lamang dahil may problema sa kanilang mga daliri ng kamay o pupulsihan.

6-042



Ang tagapag-alaga ay dapat tumayo sa apektadong panig ng user para maiwasan ang pagtumba patungo sa kaliwa. Gagamitin ang di-apektadong bahagi sa paglipat mula sa nakatayong posisyon patungo sa susunod na kilos. Sa pamamagitan ng pagharap ng mukha sa patutunguhang direksyon, makikita ng user ang pupuntahan at mababawasan ang kanyang pagkabalisa.

6-043



Kung bababa nang nakaharap, hihilig paharap ang katawan ng user at mawawalan ng katatagan. Para maiwasang matakot ang user, bumaba nang patalikod. Dapat na ibaluktot ang tuhod at ibaba ang balakang ng tagapag-alaga at dahan-dahang ibaba ang driving wheel nang hindi humihiwalay sa level difference.

6-044



Sa pagbaba sa mga matarik na dalisdis, siguraduhing bumaba nang patalikod. Kung bababa nang nakaharap, hihilig paharap ang katawan ng user at mawawalan ng katatagan. Madaling bumilis ang pagbaba sa mga matarik na dalisdis, kaya iwasan na magdulot ito ng takot sa user.

6-045



Kung nahihirapang huminga, mas naaangkop ang orthopneic position kaysa sa posisyong nakahiga nang patihaya.

6-046



Para sa ligtas na paggabay, tumayo nang pahilis at kalahating hakbang paharap. Dapat iakma ang bilis ng paglalakad sa pace ng taong may kapansanan sa paningin, at gabayan siya nang may kamalayan sa lapad ng 2 tao sa lahat ng oras.

6-047



Sa pamamagitan ng pagtulak ng care worker sa tuhod at balik at ng user sa ganitong pagkakasunud-sunod, natural na iikot ang upper limbs kaya magiging posible ang pagsuporta sa paglipat sa posisyong nakahiga nang patagilid gamit ang kaunting lakas. Sa pamamagitan ng pagsuporta sa ibabang likod, mababawasan ang pagkapilipit ng bahagi sa ibabang likod na nangyayari sa posisyong nakahiga nang patagilid.

6-048



Hindi matatag ang paglalakad dahil sa postural reflex disorder na dulot ng Parkinson's disease, kaya tataas ang panganib na mawalan ng balanse at matumba kapag biglang lumiko sa kanto.

6-049



Ang mga user na may mga pinsala sa spinal cord ay madaling magkaroon ng orthostatic hypotension at pressure ulcer kapag nanatili sa parehong posisyon nang matagal na oras. Bukod pa rito, napipinsala rin ang paggana ng regulasyon ng temperatura ng katawan, kaya dapat isagawa ang pagbabago ng posisyon ng katawan, pag-alis ng presyon, pag-angkop ng damit, atbp.

6-050



Ang mga user na na-diagnose na may angina pectoris ay nireresetahan ng sublingual tablet o spray ng nitrate sa layunin na magamit ito kapag nagkaroon ng seizure. Dapat kumpirmahin ng tagapag-alaga kung may dalang gamot upang makatugon agad kung sakaling magkaroon ng seizure sa oras ng paglabas.

6-051



Kahit na tumatanggap ng ganap na suporta, may kaso kung saan posible ang nakatayong posisyon kung inaalalayan, at may kaso rin kung saan posibleng manatili sa nakatayong posisyon sa maikling oras lamang. Sa halip na mamuno ang tagapag-alaga, dapat siyang sumuporta habang kinukumpirma ang intensyon ng user tungkol sa paggamit ng mga assistive device na naaayon sa user atbp.

6-052



Ang sacral region ay isang lugar na madalas magkaroon ng pressure ulcer. Dapat iulat sa mga medikal na propesyonal kung natuklasan na mayroon nito. Bukod dito, dapat suriin ang dahilan ng pagkakaroon ng pressure ulcer at tumugon habang nakikipagtulungan sa iba pang propesyon.

6-053



Napapailalim ito sa Act for the Comprehensive Support of Persons with Disabilities (Batas para sa pangkalahatang suporta sa pang-araw-araw na pamumuhay at panlipunang pamumuhay ng mga taong may kapansanan). Kabilang sa mga assistive medical device para sa mga taong may pisikal na kapansanan ang artificial limb, braces, seated position retention device, walker, walking aid stick (maliban sa single cane), at mga communication device para sa mga taong may malubhang kapansanan.

6-054

Ang BMI ay sinusukat mula sa taas at timbang. Kung mas malapit ito sa pamantayan, mas mababa ang panganib na magkaroon ng sakit.



6-055

Ang *osechi ryori* ay isang festive food na kinakain tuwing Bagong Taon. Sa *setsubun*, tipikal na pagkain ang *ehomaki* atbp.



6-056

Iposisyon ang ulo nang bahagyang nakapasok ang baba. Kapag nakahilig patalikod ang leeg, nagiging tuwid na linya ang esophagus at trachea, kaya madaling mapunta sa baga ang pagkain na nagiging sanhi ng aspiration pneumonia (➡ tingnan ang G005).



6-057

Naii-stimulate ang paggalaw ng dila at salivary glands, at nagiging madaling mangyari ang swallowing reflex. Upang maging madaling lunukin ang pagkain, mahalagang nguyain ito nang mabuti para bumuo ng bolus na madaling lunukin, kaya epektibo na magsagawa ng mga swallowing exercise bago kumain.



6-058

Gawing posible ang pagkain sa pace ng user habang tinatanong ang kanyang kagustuhan. Kapag hindi maingat na kinausap ang user, hindi siya makakapag-concentrate sa pagnguya at paglunok, at maaari itong maging sanhi ng aspiration.



6-059

Kapag sinubukang magsipilyo o magmumog sa kondisyon na may natitirang pagkain sa loob ng bibig, may panganib na mangyari ang aspiration. Para sa mga user na may hemiplegia, kailangang suriin nang maingat ang loob ng bibig sa apektadong panig.



6-060



Ang kumpletong pustiso ay nililikha para matakpan ang buong bahagi sa itaas at ibabang panga, at ginagamit sa pamamagitan ng pagdikit nito sa mucous membranes ng mga gilagid. Sa pagsusuot, unahing isuot ang para sa itaas na panga na may mas malaking bahagi, at unahing tanggalin ang para sa ibabang panga na may mas maliit na bahagi para madaling isuot at tanggalin.

6-061



Upang maiwasang bumaba ang density ng buto, magsikap na aktibong kumonsumo ng mga sustansiyang nakakatulong sa pagbuo ng buto, tulad ng vitamin D, calcium, vitamin K, atbp.

6-062



Mahalaga ang hydration para maiwasan ang constipation. Kapag hindi sapat ang iniinom na tubig, nagiging matigas ang dumi, na nagpapahirap sa pagdaan sa loob ng bituka. Kabilang sa iba pang paraan ng pag-iwas sa constipation ang pagkain ng dietary fiber (may tungkulin ito na magpalambot ng dumi at gawing aktibo ang peristalsis).

6-063



Kapag humiga kaagad pagkatapos kumain, madaling mag-reflux ang gastric acid at madaling magkaroon ng reflux esophagitis. Panatiliing tuwid ang itaas na bahagi ng katawan sa loob ng humigit-kumulang 30 minuto pagkatapos kumain upang maiwasan ang pag-reflux ng pagkain.

6-064



Para sa mga user na may left hemispatial neglect, mahirap magtuon ng pansin sa kaliwang panig. Dahil nagiging madalas na hindi nakikita ang mga bagay sa kaliwang bahagi, ang inihahandang pagkain ay dapat malapit sa kanang bahagi para makita ng user.

6-065



Dahil may mga pagkakataon na mahirap maunawaan ng taong may kapansan sa paningin ang pagkakaposisyon ng mga pagkain sa mesa kapag kumakain, ginagamit ang clock position method para ipaliwanag ang posisyon sa pamamagitan ng paghahalintulad ng direksyon sa mga numero ng orasan, upang malaman ng user ang kinaroroonan ng pagkain mula sa sariling kinaroroonan.

**6-
066**



Kapag may hemispatial neglect, hindi nakikilala (nababalewala) ang kalahati ng espasyong tinitingnan. Dahil dito, hindi malaman ng user ang eksaktong lugar na paglalagyan ng plato, at may mga pagkakataon na natitira o natatapon ang pagkain. Dapat sumuporta ang care worker para mapadali ang pagkain ng user sa pamamagitan ng pagkausap, pagbago ng posisyon ng mga plato, atbp.

**6-
067**



Hindi naaangkop na dagdagan lamang ng asin para lumakas ang lasa ng pagkain. May iba't ibang uri ng kadahilanan ng paghina ng panlasa, kaya kailangang magsagawa ng assessment para malaman kung bakit ito nangyari.

**6-
068**



Nauuri ang dietary fiber sa insoluble dietary fiber at water-soluble dietary fiber. Ang dietary fiber ay malagkit at tumutulong sa peristalsis sa pamamagitan ng mabagal na paggalaw, pagsipsip ng tubig, at paglaki sa loob ng tiyan.

**6-
069**



Ang mga taong may hemiplegia ay naglalagay ng pagkain sa kanilang di-apektadong panig. Mas madaling ngumuya sa di-apektadong panig kaysa sa apektadong panig. Matapos kumpirmahin na nalunok na ang isang subo, subuan ang user ng susunod na pagkain nang naaayon sa bilis ng pagnguya.

**6-
070**



Ang tinadtad na pagkain ay karaniwang pagkain na tinadtad sa maliliit na piraso. Dahil ito ay tinadtad, nagkakahiwa-hiwalay ang pagkain sa loob ng bibig at natitira sa bibig o pharynx, na nagiging sanhi ng aspiration.

**6-
071**



Para sa mga user na sumasailalim sa artificial dialysis, kailangang limitahan ang potassium at tubig para mabawasan ang pasanin sa paggana ng mga bato. Mayaman sa potassium ang mga hilaw na gulay, kaya kailangang iwasan ang mga ito o pag-isipan ang paraan ng pagluluto.

**6-
072**

Ang kumpletong pustiso para sa itaas na panga ay madaling tangalin kung hihilahin pababa ang likurang bahagi.



**6-
073**

Madaling masira ang mga pustiso kapag natuyo, kaya dapat itong itago sa lalagyan na may tubig nang natatakpan ang buong pustiso.



**6-
074**

Ang dry mouth ay tumutukoy sa kondisyon na tuyo ang loob ng oral cavity. Kaunti ang secretion laway ng mga matatanda at madaling matuyo ang kanilang oral cavity. Mas kaunti ang pagnguya sa mga malalambot na pagkain, kaya hindi nahihikayat ang secretion ng laway.



**6-
075**

Mayaman sa calcium ang gatas at mataas ang absorption rate kaya nakakatulong ito sa pag-iwas sa osteoporosis, ngunit hindi gaanong karami ang nilalaman nitong vitamin K. Mayaman sa vitamin K ang mga berde at dilaw na gulay at fermented food tulad ng *natto*, keso, atbp.



**6-
076**

Kung umiinom ng anticoagulant (warfarin), iwasang kumain ng *natto* dahil mapapahina ang bisa nito.



**6-
077**

Gumamit ng sabon na mababa ang acidity dahil ang mga alkaline na sabon ay malakas ang stimulation sa balat.



6-078

Hindi masusuportahan ang katawan sa apektadong panig kaya mataas ang posibilidad na mapinsala. Dahil dito, iposisyon sa ilalim ang di-apektadong bahagi.



6-079

Suportahan mula sa baba sa may bukung-bukong at punasan ang lower limbs mula sa paligid patungo sa gitna para mahikayat ang sirkulasyon ng dugo.



6-080

Para hindi malamigan ang katawan, punasan ito ayon sa pangangailangan at kaagad pagkatapos ng bed bath, at huwag mag-iwan ng tubig.



6-081

Itaas ang laylayan hanggang sa malapit sa tuhod para hindi mabasa ang pantalon, at panatilihin hindi gaanong nakalantad ang balat.



6-082

Para mabawasan ang pasanin sa user, hawakan ang bukung-bukong habang naghuhugas.



6-083

Para maiwasan ang pagkapaso ng user, laging suriin ng care worker ang temperatura ng mainit na tubig bago hilingin sa user na suriin ito.



6-084

Sa pamamagitan ng pagpapantay ng taas ng bathtub at shower chair, mapapadali ang kilos sa paglipat ng posisyon.



6-085

Sa pamamagitan ng pagpasok sa bathtub mula sa di-apektadong panig, nagiging matatang ang posisyon. Bukod dito, maaari ring suriin ang temperatura ng mainit na tubig.



6-086

Iwasang maligo kaagad pagkatapos ng hemodialysis dahil lumalawak ang mga daluyan ng dugo at maaaring bumaba ang presyon ng dugo.



6-087

Ang taong may gastric fistula ay maaari ring maligo. Mahalagang hugasan gamit ang sabon at patuyuin nang mabuti ang paligid ng gastric fistula upang mapanatiling malinis ito.



6-088

Para mabawasan ang pasanin sa puso, i-adjust ang dami ng mainit na tubig upang manatiling mas mababa ito sa antas ng puso.



6-089

Iwasang maligo sa loob ng 1 oras pagkatapos kumain dahil nagiging aktibo ang paggalaw ng bituka at maaaring mangailangan na dumumi.



6-090



Sa pamamagitan ng pagmamasahé sa tiyan sa ascending colon, transverse colon, at descending colon sa ganitong pagkakasunodsunod, nagiging aktibo ang peristalsis sa bituka at nahihikayat ang paglabas ng gas at pagdumi.

6-091



Kapag idinikit ang mga talampakan sa sahig, madaling umiri. Sa karagdagan, napapadali ang pagdumi sa nakaupong posisyon nang nakahilig paharap dahil nagiging obtuse angle ang anorectal angle.

6-092



Kapag gagamit ng inserting-type bedpan, painitin ito upang hindi malamigan ang pigi.

6-093



Kapag ginawa sa kabaligtaran na direksyon, ang escherichia coli sa bahagi ng anus ay didikit sa urethral opening, na nagiging sanhi ng urinary tract infection.

6-094



Hindi naaangkop na agad na magpasuot ng diaper sa dahilan lamang na madalas ang urinary incontinence. Sa mga kilos sa pagdumi at pag-ihi, nakakaramdam ng pagkahiya kaya kailangan ding isaalang-alang ang self-esteem ng user. Magdesisyon habang isinasaalang-alang ang antas ng pagsasarili sa mga kilos sa pag-ihi at pagdumi, antas ng kapansanang nauugnay sa naturang kilos, mga gawi sa pamumuhay at ang sitwasyon ng pasilidad.

6-095



Para sa lalaki, ilagay ang ari sa portable urine bottle at ipahawak ito sa kanya. Kung ikukumpara sa posisyong nakahiga nang patiyaha, mas madaling umihi sa posisyong nakahiga nang patagilid dahil sa abdominal pressure at hugis ng urethra.

6-096



Maaaring madumihan ang balat at night clothes ng user dahil sa excretion. Iroyo paloob ang diaper at mag-ingat para hindi tumalsik ang excretion. Sikaping iwasan ang kontaminasyon sa pamamagitan ng pag-unawa sa istraktura at mga uri ng diaper.

6-097



Dahil mataas ang panganib ng impeksyon, itali nang mahigpit ang mga plastic bag bago itapon para hindi maging sanhi ng impeksyon.

6-098



Mahalagang suriin kung may bali ang catheter dahil maaari itong magdulot ng pagtagas ng ihi at reflux. Makipag-ugnayan sa mga medikal na propesyonal kung may napansin na anumang abnormalidad.

6-099



Dapat iwasan ang urinary tract infection dahil sa backflow sa pamamagitan ng paglalagay ng urine bag sa mas mababang antas kaysa sa pantog sa lahat ng oras. Kailangang mag-ingat lalo na kapag nagbibigay ng suporta sa paglipat ng posisyon.

6-100



Ang pagtanggali ng catheter ay isang gawaing medikal kaya hindi ito maaaring gawin ng isang care worker. Kung natuklasan ang pagtagas ng ihi, makipag-ugnayan sa mga medikal na propesyonal.

6-101



Ang katamtamang ehersisyo ay nakakatulong sa pamamahala sa pisikal na kondisyon at pag-refresh ng mood. Magbigay ng payo na isagawa ito habang sinusuri ang mga bagay na dapat tandaan tulad ng pag-iwas sa mga ehersisyo kung saan maaaring magkabanggaan at pagtatapon ng excretion bago mag-ehersisyo, sa halip na iwasan ang radio gymnastics.

**6-
102**



Ang mga bato ay may tungkulin na ilabas ang mga waste product at labis na tubig na naipon sa katawan. Dahil may iba't ibang bagay na dapat tandaan sa pang-araw-araw na pamumuhay, napakahalagang malaman ang dami ng ihi. Dapat magsikap ang care worker para maunawaan ang mga detalye ng paggamot, at makipagtulungan sa mga medikal na kawani sa pag-unawa sa mga sintomas at pagsuporta.

**6-
103**



Kapag gagamit ng gas stove, maiiwasan ang panganib ng sunog kapag nagsuot ng damit na masikip ang labasan ng mga kamay. Mahalaga rin na magsikap na isaayos at linisin ang gas stove at ang paligid nito.

**6-
104**



Magkabit ng mga fire alarm sa kisame o pader para ma-detect agad ang pagkakaroon ng usok at init. Ang usok na nilikha ng apoy ay magsisimulang tumaas dahil mainit at mas magaan ito kaysa sa hangin, kaya hindi epektibong ilagay ito malapit sa sahig.

**6-
105**



Sa pamamagitan ng pagpupunas sa direksyon ng grain ng tatami mat, mapapadali ang pagtanggal ng alikabok mula sa mga puwang.

**6-
106**



Simulan ang paglilinis mula sa mataas na lugar, at pagkatapos ay linisin ang mga alikabok na nahulog sa sahig.

**6-
107**



Maaaring linisin ang mga patay na dust mite at pollen gamit ang vacuum.

**6-
108**

Mahina sa katuyuan ang mga dust mite, kaya hindi mawawala ang mga ito sa paggamit ng basang tuwalya.



**6-
109**

Pagkatapos kumain, isinasagawa ang pagtunaw at pagsipsip sa pagkain, at nakakaapekto ito sa pagtulog. Dahil dito, mabuting tapusin ang pagkain ng hapunan nang hindi bababa sa 3 oras bago matulog, kung kailan bumabagal ng pagtunaw.



**6-
110**

Ginagawang aktibo ng mild stretching ang parasympathetic nerves at pinapagaan ang tensyon, kaya maaari itong magsilbing paghahanda para matulog.



**6-
111**

Mabuting piliin ang mga inumin na walang caffeine dahil nakakasagabal sa pagtulog ang mga inumin na may caffeine.



**6-
112**

Sa gabi, kailangang isaalang-alang ang mga yapak at pag-uusap ng mga care worker, at ang tunog sa pagbubukas at pagsasara ng mga pinto.



**6-
113**

Sa pamamagitan ng pagkakalantad sa sikat ng araw pagkagising, nare-reset ang circadian rhythm at nakakatulong ito sa pagtulog sa gabi.



**6-
114**



Bilang isang hakbang sa pagtiyak ng kaligtasan sa pang-araw-araw na pamumuhay, epektibo ang paghahanda ng foot light. Ang taong gumagamit ng tungkod ay may mga alalahanin tungkol sa paglalakad, kaya isaayos ang kanyang kapaligiran upang mapadali ang paglalakad sa pamamagitan ng pag-iwas na matapilok at matumba o pagbabago ng materyales ng sahig.

**6-
115**



Sa stage 3 ng Hoehn and Yahr Scale, makikita ang mga paunang sintomas ng postural reflex disorder. Ang paggana ng katawan ay mababawasan mula sa magaang antas patungo sa katamtamang antas, ngunit dahil hindi nangangailangan ng suporta sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay, ang kama ay dapat na itakda nang naaayon sa matanda at hindi sa care worker.

**6-
116**



Magsisimulang magkabisa ang gamot pagkalipas ng mga 30 minuto mula nang inumin ito. Dahil dito, humiga sa kama at maghandang matulog sa loob ng 30 minuto.

**6-
117**



Kung may napansin na anumang sintomas na maaaring side effect ng sleeping pills, agad na ipaalam ito sa doktor. Makakatulong ito sa angkop na pag-inom ng gamot.

**6-
118**



Sabihin sa doktor kung ano ang mga sinasabi ng matandang umiinom ng sleeping pills para maisaalang-alang ang mga detalye ng pag-inom. Hindi dapat magdesisyon ang care worker batay sa sariling paghuhusga.

**6-
119**



Ang magaan na ehersisyo tulad ng paglalakad atbp. ay nagdudulot ng katamtamang pagod at nakakatulong sa pagtulog.

**6-
120**



Nagiging aktibo ang sympathetic nerves sa paliligo sa mainit na tubig at may epekto ito na magpagising, kaya mabuting gumamit ng maligamgam na tubig.

**6-
121**



Ipaliwanag sa user ang patakaran sa nursing care ng pasilidad para matukoy kung tutugon nang naaayon sa kanyang kagustuhan, at kumpirmahin ang kanyang huling desisyon. Dahil maaaring magbago ang kalooban ng user, kailangan itong kumpirmahin nang paulit-ulit.

**6-
122**



Laging bibigyang-prayoridad ang kalooban ng user.

**6-
123**



Hindi sapat ang pagbabahagi ng impormasyon nang pasalita lamang. Siguraduhing magbahagi sa pamamagitan ng dokumento.

**6-
124**



Nagsisimula ang grief care para sa pamilya sa terminal stage. Dahil may mga pagkakataon kung saan ang pagmumungkahi sa pamilya kung ano ang maaari nilang gawin ay nakakatulong para mabawasan ang kalungkutan pagkatapos ng end-of-life care, isinasagawa ang nursing care kasama ng pamilya habang pinakikinggan ang kanilang mga kagustuhan.

**6-
125**



Ang pamilya ng user na nasa terminal stage ay nakakaranas ng anticipatory grief. Kinakailangang makipag-ugnayan sa kanila habang nagpapayo na ipahayag nang hindi pinipigil ang kanilang damdamin tulad ng pagkabalisa, lungkot, atbp.

**6-
126**

Kumpirmahin ang kagustuhan ng pamilya upang maisagawa ang pagpapaalam ayon sa kagustuhan ng pamilya. Nagsisilbi ring grief care sa pamilya ang sabay na pagsasagawa nito.



**6-
127**

Bilang postmortem treatment, kung nakasuot ng kimono ay itatali ang obi string nang patayo.



**6-
128**


Isinasagawa ang postmortem treatment bago magsimula ang postmortem rigidity. Karaniwang nagsisimula ang postmortem rigidity pagkalipas ng humigit-kumulang 2 oras mula nang pumanaw, kaya isagawa ito sa loob ng oras na iyon.





Mga punto sa pag-aaral

■ Postura sa pagkain



■ 2-point gait at 3-point gait

2-point gait	3-point gait
(1) Tungkod at apektadong panig → (2) Di-apektadong panig	(1) Tungkod → (2) Apektadong panig → (3) Di-apektadong panig

7

Proseso ng Nursing Care

A

Mga Sagot/Paliwanag

A

7-
001



Ang proseso ng nursing care ay isinasagawa sa pamamagitan ng obhetibo at siyentipikong proseso ng pag-iisip na gumagamit ng dalubhasang kaalaman at kasanayan upang maisakatuparan ang “mas magandang pamumuhay” at “mas magandang buhay” na hinahangad ng user (➡ tingnan ang G006).

7-
002



Sa paghahanda ng care plan, itinatakda ang mga layunin batay sa mga pangangailangan ng user at mga task sa pamumuhay na natukoy sa task analysis (assessment). Dahil inilalarawan ng layunin ang “mas magandang pamumuhay” na hinahangad ng user, dapat sinasalamin nito ang kalooban ng user at dapat na maging isang bagay na maaaring gawin kasama ng user (➡ tingnan ang G006).

7-
003



Mahalagang maipatupad ang care plan alinsunod sa konsepto ng pagpapahalaga ng user at mapanatili ang dignidad ng user. Kailangang magsikap na magsagawa ng obhetibong obserbasyon sa mga reaksiyon atbp. ng user at ng kanyang pamilya tungkol sa pagsasagawa ng nursing care, at unawain ang konsepto ng pagpapahalaga ng user sa pamamagitan ng pakikipag-usap.

7-
004



Ang layunin ng proseso ng nursing care ay ang pagpapalaganap para makamit ang pagsasakatuparan ng sarili ng bawat isa sa mga user. Ang uniform ay nangangahulugan na “parehong paraan para sa lahat”, at hindi naaangkop na magsagawa ng nursing care sa parehong paraan para sa lahat ng user.

7-
005



Ang proseso ng nursing care ay para sa pagpapalaganap para maisakatuparan ang pamumuhay na hinahangad ng user, at hindi nito nilalayon na maisakatuparan ang ideal na pamumuhay ng care worker.

7-006



Kapag nagdedesisyon tungkol sa pagkakasunud-sunod ng prayoridad, bigyang-prayoridad ang mga task sa pamumuhay na nangangailangan ng agarang pagtugon sa pananaw ng user. Mahalagang tanggapin at igo ang mga kahilingan at saloobin ng user, ngunit hindi masasabing ang mga iyon ay mga task sa pamumuhay sa lahat ng oras.

7-007



Sa assessment, kinakailangang linawin ang mga task sa pamumuhay ng user sa pamamagitan ng paggamit ng mga dalubhasang kaalaman bilang care worker, pagpapakahulugan ng bawat isa sa mga impormasyon, at pagsasaayos at pag-uugnay ng mga impormasyon (► tingnan ang G006).

7-008



Ang layunin ng assessment ay upang makabuo ng pangkalagatang ideya ng pamumuhay ng user habang ginagamit ang mga intensyonal na obserbasyon at mga kasanayan sa komunikasyon.

7-009



Ang care worker ay dapat magtala habang pumipili ng kailangan at hindi kailangang impormasyon sa pagsuporta sa user. Ang pagpili ng impormasyon ay isinasagawa hindi lamang sa yugto ng pangangalap ng impormasyon, kundi pati sa proseso ng pagpapakahulugan, pag-uugnay, at pagsasama-sama ng mga impormasyon.

7-010



Kasama sa mga impormasyon tungkol sa user ang mga saloobin at mga bagay na nauugnay sa kanyang buhay hanggang ngayon. Mahalagang bumuo ng relasyon ng pagtitiwala sa pagitan ng care worker at user upang malaman ang background ng user sa pamamagitan ng pakikipag-usap.

7-011



Kabilang sa subhetibong impormasyon ang mga pananaw, damdamin, pag-iisip, inaasahan, atbp. ng taong iyon. Sa karagdagan, ang subhetibong impormasyon ay mga impormasyong nailabas at nakuha sa pamamagitan ng pakikipag-usap atbp. ng care worker sa user.

**7-
012**



Dahil sa mga preconception, may mga pagkakataon kung saan ang care worker ay nangongolekta ng impormasyon batay sa hindi tiyak na pag-aakala, o nagkakamali ng paghuhusga sa kinakailangang impormasyon. Upang makalaya mula sa mga preconception, kailangang magkaroon ng kamalayan ang mismong care worker sa kanyang sariling konsepto ng pagpapahalaga, damdamin, pattern ng kilos, atbp.

**7-
013**



Ang mga impormasyong kokolektahin ay nauuri sa subhetibong impormasyon at obhetibong impormasyon. Dapat na kumpirmahin ng care worker sa lahat ng oras ang mga subhetibong impormasyon para maiwasan ang napilit na nursing care. Sa karagdagan, mahalagang itala nang hiwalay ang mga subhetibong impormasyon at obhetibong impormasyon.

**7-
014**



Isagawa ang pangongolekta ng impormasyon sa lahat ng larangan ng pamumuhay, hindi lamang sa kung ano ang hindi kayang gawin ng user (negatibong aspeto), kundi pati sa mga bagay na kaya niyang gawin at mga saloobin na “magsikap sa isang bagay” (positibong aspeto).

**7-
015**



Ang assessment ay tumutukoy sa “pangongolekta ng impormasyon”, “pagpapakahulugan, pag-uugnay, at pagsasama-sama ng mga impormasyon”, at “paglilinaw ng mga task” tungkol sa user. Kinakailangan higit sa lahat sa yugtong ito ang mga dalubhasang kaalaman at kasanayan, at paghuhusga bilang isang care worker.

**7-
016**



Sa “personal na salik” na isang elemento bumubuo sa ICF, kabilang din ang kasaysayan ng buhay, lifestyle, atbp., bukod sa edad, kasarian, at konsepto ng pagpapahalaga (➡ tingnan ang G006).

**7-
017**



Ang limang pandama ay tumutukoy sa paningin, pandinig, pandamdin, panlasa, at pang-amoy. Upang mahasa ang kakayahan sa pagmamasa, mahalagang itala mula sa karaniwang araw ang mga pagbabago tungkol sa user, at aktibong makipag-usap sa user.

7-018



Dahil inilalarawan ng layunin sa proseso ng nursing care ang “mas magandang pamumuhay” na hinahangad ng user, dapat itong itakda habang sinasalamain ang opinyon ng user upang masiyahan ang mismong user sa layuning ito.

7-019



Sa pagpapahayag ng layunin sa proseso ng nursing care, dapat gamitin bilang simuno ang user upang magkusa ang mismong user patungo sa pagsasakatuparan nito.

7-020



Ang proseso ng nursing care ay isang proseso kung saan iginagalang ang pagpapasya sa sarili ng user sa sarili at nakikipagtulungan sa user patungo sa pagsasakatuparan ng sarili at ng hinahangad na pamumuhay, habang naka-focus sa user ang pamumuhay. Mahalaga na ang mga bagay na inilarawan dito ay madaling maunawaan ng user at ng kanyang pamilya.

7-021



Ang pangmatagalang layunin sa proseso ng nursing care ay upang mailarawan ang kalagayan sa pamumuhay na hinahangad na makamit ng user kalaunan.

7-022



Hindi dapat magpasya kung aling task ang bibigyang-prayoridad batay sa mga salik. Isaalang-alang ang kahalagahan at pangangailangan ng agarang pagtugon ng bawat task at magpasya kung alin ang bibigyang-prayoridad.

7-023



Ang mga task sa pamumuhay sa ilalim ng proseso ng nursing care ay mga bagay na kailangang lutasin upang maisakatuparan ang pamumuhay na hinahangad ng user.

**7-
024**



Binibigyang-prayoridad ang pagiging ligtas kaysa sa bisa ng care plan. Sa pagpapasya ng pagkakasunud-sunod ng prayoridad, binibigyang-prayoridad higit sa lahat ang “kaligtasan ng buhay”, na sinusundan ng “katatagan ng buhay” at “kayamanan ng buhay”.

**7-
025**



Ang mga care plan na isasagawa ng mga care worker sa hinaharap ay napapailalim sa P. Isa sa mga paraan ng pagtatala ng pag-unlad ng mga pangyayari ang SOAP method. Ang S (Subjective Data) ay tumutukoy sa subhetibong impormasyon, ang O (Objective Data) ay tumutukoy sa obhetibong impormasyon, ang A (Assessment) ay tumutukoy sa ebalwasyon, at ang P (Plan) ay tumutukoy sa pagpapalano.

**7-
026**



Sa yugto ng pagbuo ng care plan, kailangang ipalagay ang lahat ng posibleng sitwasyon at hulaan ang mga epekto nito sa user.

**7-
027**



Isulat ang care plan gamit ang mga partikular na salita upang magkaroon ng iisang pagkakaunawaan sa buong team. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng nursing care habang isinasaisip ng bawat taong nakikibahagi sa nursing care ang mga detalye ng care plan, nagiging posible ang pagbibigay ng pinagsama-samang pangangalaga.

**7-
028**



Sa pagbuo ng care plan, kailangang iugnay ang mga pangmatagalang layunin at mga panandaliang layunin upang maiugnay rin ang pagkamit ng mga panandaliang layunin sa pagkamit ng mga pangmatagalang layunin.

**7-
029**



Nagbabago ang pisikal na kondisyon at mga opinyon ng user. Kailangang maingat na obserbahan ng care worker ang mga ekspresyon sa mukha, kilos, atbp. ng user.

7-030

Sa talaan ng nursing care, mahalagang isulat ang mga katotohanan upang maging tumpak at obhetibo ang mga rekord.



7-031

Sa pagpapatupad ng care plan, baguhin ang plano ayon sa mga pagbabago sa kondisyon at sitwasyon ng user (► tingnan ang G006).



7-032

Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang propesyon at pagtatala sa talaan ng nursing care ng mga reaksiyon atbp. ng user sa bawat pagkakataon, maaaring maging epektibo ang suporta, at maaaring magkaroon ng panibagong task sa pagsasagawa ng nursing care.



7-033

Bilang pamantayan sa ebalwasyon, gumamit ng mga salitang nagpapahayag ng partikular na bilang hangga't maaari, upang maisagawa ang ebalwasyon sa obhetibong paraan.



7-034

Sa ebalwasyon, isinasama ang mga opinyon at damdamin ng user at ng kanyang pamilya sa pagdedesisyon. Bukod dito, kinukumpirma kung epektibo ang serbisyong ibinibigay sa pamamagitan ng pagpapaalam ng mga detalye ng ebalwasyon sa user at sa kanyang pamilya (► tingnan ang G006).



7-035

Kapag nakamit ang layunin ng care plan, kailangang tukuyin kung ipagpapatuloy ang parehong care plan sa hinaharap o tatapusin ito. Kapag nakamit pareho ang mga panandalian at pangmatagalang layunin at nakamit ang mga pangangailangan, matatapos ang suporta at bubuo ng panibagong care plan.



7-036



Sa pamamagitan ng pagbuo ng isang sistema ng suporta ayon sa mga pangangailangan ng user, hindi lamang ng mga propesyonal kundi ng iba't ibang nauugnay na tauhan, maaasahan ang malaking epekto sa pagsasakatuparan ng “mas magandang pamumuhay” ng user.

7-037



Ang pagdaraos ng pulong ng mga taong namamahala sa serbisyo ay trabaho ng nursing care support specialist. Sa pulong ng mga taong namamahala sa serbisyo, tatalakayin ang mga detalye ng plano kasama ang user at ang kanyang pamilya.

7-038



Para maisakatuparan ang pamumuhay na hinahangad ng user, mahalagang maunawaan ng bawat propesyonal ang saklaw ng trabaho at mga tungkulin ng bawat isa, at makipagtulungan sa ibang propesyon habang iginagalang ang bawat isa.

7-039



Ang care conference ay kung saan nagtitipon ang mga nauugnay na propesyon at nag-uusap upang maisagawa ang pagpapasya at ebalwasyon ng mga detalye ng nursing care. Epektibong magagamit ito bilang isang pagkakataon para sa supervision kung saan maaaring matuto mula sa isa't isa.

7-040



Ang sentro ng care team ay ang mismong user. Sa pamamagitan ng sapat na pagbabahagi ng impormasyon sa pagitan ng mga propesyonal na pumapaligid sa user at paggamit ng kani-kanilang kadalubhasaan, ang care team ay maaaring magpatupad ng epektibong team approach.

7-041



Itinakda sa Artikulo 47 ng Certified Social Worker and Certified Care Worker Act ang tungkol sa pagtutulungan sa pagitan ng mga certified care worker, mga taong may kaugnayan sa welfare service, atbp.

**7-
042**




Sa mga pangkat na nabuo sa pamamagitan ng pagtitipon ng maraming tao, nabubuo ang isang kapaligiran kung saan madaling matuto ng kamalayan sa sarili, kakayahan sa komunikasyon, atbp. na bunga ng pakikipag-ugnayan sa isa't isa (group dynamics).




Mga punto sa pag-aaral

■ Istruktura ng Internasyonal na Pag-uuri ng Paggana, Kapansanan at Kalusugan (ICF)



■ Proseso ng nursing care



8

**Pag-unawa sa Pag-
unlad at Pagtanda**

A

Mga Sagot/Paliwanag

A

8-
001



Ang babbling ay tumutukoy sa pagbigkas ng malinaw na tunog tulad ng “baa baa” at “daa daa”, at nagsisimula ito sa mga 6 na buwang gulang. Mga 2 buwan pagkasilang, magsisimula ang cooing tulad ng “aaa” o “kuu” na iisang pantig at mga tunog na hindi malinaw.

8-
002



Ang social reference ay tumutukoy sa pagtingin sa mga ekspresyon sa mukha at reaksiyon ng mga pinagkakatiwalaang taong may sapat na gulang at pagpapasya kung ano ang kilos atbp. na gagawin batay doon. Ang phenomenon na ito ay nagsisimulang lumitaw sa mga 1 taong gulang.

8-
003



Magagamit ang mga daliri upang hawakan ang mga bloke mula sa mga 10 hanggang 12 buwang gulang. Sa mga 6 na buwang gulang, magiging posible ang kilos ng paghawak gamit ang buong kamay.

8-
004



Makakatayo nang may kinakapitan sa mga 9 na buwan pagkasilang. Mga 6 na buwan pagkasilang, may mga batang nangangailangan ng suporta sa pag-upo at mayroon ding nakakaupo nang mag-isa.

8-
005



Nasa anyo ito ng actor + verb, object + verb, atbp. tulad ng “aso dumating” o “papa umupo”. Nilalakdawan ang mga particle atbp. May mga bata rin na nakakapagsalita na sa edad na mga 1 at kalahating taon.

**8-
006**



Ang attachment ay tumutukoy sa pagbuo ng ugnayan batay sa emotional bond sa pagitan ng mga partikular na taong may sapat na gulang. Ang attachment behavior ay makikita kaagad pagkasilang, at hanggang sa mga 3 buwang gulang, makikita rin ang mga attachment behavior tulad ng pagsunod ng mga mata sa galaw ng mga tao sa paligid, pagkuha ng atensyon sa pamamagitan ng pag-iyak, atbp.

**8-
007**



Sa Act on the Prevention of Elder Abuse, itinakda ang mga hakbang atbp. para mapangalagaan ang mga matatandang nakaranas ng pang-aabuso at mabawasan ang pasanin sa kanilang mga tagapag-alaga, sa layunin na maiwasan ang pang-aabuso sa mga matatanda at maipagtanggol ang kanilang mga karapatan at kapakanan. Dito, itinakda ang depinisyon ng “mga matatanda” bilang mga taong may edad na 65 taong gulang o higit pa.

**8-
008**



Itinakda ang early-stage elderly bilang mga taong may edad na 65 o higit pa ngunit hindi aabot ng 75 taong gulang, at ang late-stage elderly bilang mga taong may edad na 75 taong gulang o higit pa. Sa Act on Assurance of Medical Care for Elderly People, itinakda ang mga pasanin batay sa kakayahan sa layuning maging patas sa loob ng mga henerasyon at pati sa pagitan ng mga matatanda, para makamit ang isang lipunan kung saan ang lahat ay nakakatanggap ng medikal na pangangalaga nang may panatag na loob.

**8-
009**



Ang espesyal na probisyon sa pagre-renew ng driver's license ay nagtatalaga ng kurso para sa mga taong may edad na 70 taong gulang o higit pa, sa oras na sila ay magre-renew ng driver's license, upang maunawaan nila na maaaring makaapekto sa pagmamaneho ng kotse atbp. ang paghina ng paggana ng katawan na dulot ng pagtanda.

**8-
010**



Ang free radical theory ay isang teorya na ang pagtanda ay dulot ng pinsala sa mga selula na dahil sa reactive oxygen (free radical). Ang pagtandang nangyayari dahil sa paghina ng regenerative function na nagkukumpuni sa mga atrophy at achoresis ng mga organo dahil sa pagtanda ay tinatawag namang exhaustion theory.

**8-
011**



Ayon kay Kübler-Ross, may mga yugto sa pagtanggap ng kamatayan na sumusulong sa pagkakasunud-sunod na: pagtanggì, galit, pakikipagtawaran, depresyon, at pagtanggap (➡ tingnan ang G014).

8-012



Habang tumatanda, nangyayari ang pagbawas sa muscle group na humihila sa hyoid bone paharap at paitaas. Sa karagdagan, madalas na bumababa ang posisyon ng hyoid bone kung ikukumpara noong bata pa dahil sa pagluwag ng ligament.

8-013



Ang kakayahan (katalinuhan) ay nauuri sa fluid intelligence at crystallized intelligence. Ang fluidity ay tinatawag ding mobility, at ito ay kadalasang bumaba sa pagtanda. Ang crystalline ay tinatawag ding verbal, at sinasabing ito ay bihirang bumaba sa pagtanda.

8-014



Ang sensory organ na pandinig ay kadalasang bumababa sa pagtanda. Nagiging mahirap makaranig kapag nagtatrabaho sa isang maingay na lugar, kaya madaling bumaba ang work efficiency.

8-015



Ang episodic memory ay tumutukoy sa mga memoryang naaalala bilang karanasan, tulad ng kung “ano ang kinain kagabi”. Ang regenerative power ng episodic memory ay madaling maapektuhan ng pagtanda.

8-016



Kumikipot ang peripheral visual field dahil sa pagbaba ng sensitivity na dulot ng pagbawas ng nerve cells sa retina, paghina ng paggana ng visual pathway, atbp.

8-017



Ang pinakamalaking pagbabago sa pagtanda ay nangyayari sa inner ear, at hindi lamang humihirap na makarinig, kundi nagiging distorted ang mga tunog kaya hindi malinaw ang pagkakarinig. Kapansin-pansin ang paghina ng pandinig lalo na sa high-pitch area.

**8-
018**

Nababawasan sa pagtanda ang mga taste bud na dumadama sa lasa, nagbabago ang panlasa, at bumababa rin ang sensitivity ng panlasa.



**8-
019**

May olfactory cells na tumatanggap ng amoy sa olfactory epithelium sa likod ng ilong. Habang tumatanda, humihina ang paggana ng mga selulang ito at nababawasan ang bilang, na nagpapahirap na mapansin ang mga kakaibang amoy tulad ng bulok na amoy, amoy ng gas, atbp., at nagiging insensible sa mga amoy.



**8-
020**

Ang urinary incontinence na dulot ng mga sakit tulad ng dementia atbp. ay tinatawag na functional urinary incontinence.



**8-
021**

Ito ay urinary incontinence na nangyayari dahil hindi sapat na gumagana ang pagpigil sa ihi, na dulot ng labis na pagiging aktibo ng mga kalamnan ng pantog, o paghina ng contractive force ng pantog.



**8-
022**

Sa prostatic hyperplasia, unti-unting tumatagas ang ihi nang hindi sinasadya. Ang urinary incontinence na nangyayari sa ganitong sitwasyon ay tinatawag na overflow urinary incontinence.



**8-
023**

Sa kaso ng mga matatanda, kadalasang natatagalan bago ganap na gumaling kapag nagkasakit. Dahil mahirap gumaling at tumatagal sa mahabang panahon ang mga sakit, kadalasang nagkakaroon ng higit sa iisang sakit. Ang sakit na tumatagal sa mahabang panahon ay tinatawag na chronic disease.



8-024



Ang mga matatanda ay kadalasang may higit sa iisang sakit, at may mga kaso kung saan ibinibigay ang mga iniinom na gamot para sa bawat sakit, kaya dumadami ang uri ng mga gamot na iinumina kaysa sa mga kabataan.

8-025



Ang pag-decompose ng gamot ay nangyayari sa atay, ngunit dahil kadalasang humihina ang kakayahang ito sa mga matatanda at humihina rin ang kakayahang maglabas sa katawan mula sa bato, nagiging madaling maiwan sa loob ng katawan ang gamot. Bilang resulta, nagiging labis ang bisa ng gamot at nagiging madaling makaranas ng mga side effect.

8-026



Ang hypertension ay kadalasang nangyayari dahil sa mga gawi sa pamumuhay, at habang tumatanda ay nagkakaroon ng pangangailangan na tugunan ito. Mapanganib na magtakda ng parehong layunin sa paggamot para sa mga kabataan at matatanda.

8-027



Sa kaso ng mga matatanda, dahil sa paghina ng metabolic function at pagbagal ng detoxification na dulot ng paghina ng paggana ng atay, maaaring magkaroon ng mas malakas na bisa ang gamot dahil naiipon ito sa katawan at nagiging madaling gumana.

8-028



Calcium ang pangunahing bumubuo sa buto, ngunit habang tumatanda, bumababa ang bone density (bone quantity) at humihina ang mga buto dahil nababawasan ang intake ng calcium, protina, atbp., at bukod pa rito ay nababawasan ang dalas ng ehersisyo, atbp. (► tingnan ang G007).

8-029



May 3 uri ng salivary gland: parotid gland, sublingual gland, at submandibular gland. Nagse-secrete ang mga ito ng laway, ngunit sinasabing nababawasan ang dami ng secretion dahil sa paghina ng paggana ng bawat isa habang tumatanda.

**8-
030**



Ang lung capacity ay tumutukoy sa dami ng inilabas na hininga pagkatapos langhapin ang maximum na dami ng hangin. Kapansin-pansin ang pagbaba ng lung capacity sa pagtanda, na dulot ng pagbawas ng bilang ng mga selula sa pulmonary tissue at pagbaba ng elasticity ng mga baga.

**8-
031**



Ang dugo ay nabubuo sa bone marrow, ngunit sa pagtanda ay nababawasan ang red bone marrow na may hematopoietic function. Nababawasan ang bilang ng red blood cells, at nababawasan din ang hemoglobin kaya madaling magkaroon ng anemia.

**8-
032**



Ang balat ay may moisturizing function at barrier function. Habang tumatanda, nagiging manipis at nawawalan ng elasticity ang balat. Nagiging madaling matuyo ang balat dahil sa pagbawas ng sweat glands.

**8-
033**



Ang paglunok ay tumutukoy sa paglunok ng pagkain o pag-inom ng tubig. Karaniwan, maayos na dumadaan ang pagkain mula sa pharynx patungo sa esophagus, ngunit habang tumatanda, dumadalas ang maling pagpasok mula sa larynx patungo sa trachea. Ang tinutukoy ng mabulunan ay ang pag-ubo sa ganitong kalagayan.

**8-
034**



Kapag umunlad ang heart failure, nakakaranas ng pangangapos ng hininga kahit na nagpapahinga.

**8-
035**



Kabilang sa mga sintomas ng heart failure ang pangangapos ng hininga at edema, at kapansin-pansin ang cyanosis sa mukha at mga labi.

8-036



Kapag nahihirapang huminga dahil sa heart failure, lumalala ang kahirapan sa paghinga kapag nasa posisyong nakahiga nang patihaya dahil pinapalala nito ang lung congestion. Ang kumportableng posisyon dito ay ang orthopneic position.

8-037



Kapag umunlad ang heart failure sa mga matatanda, nagkakaroon ng edema sa buong katawan.

8-038



Kabilang sa mga sanhi ng pressure ulcer ang paghinto ng daloy ng dugo dahil sa pagkakalapat ng presyon nang matagal na oras, paglihis ng subcutaneous tissue mula sa buto, malnutrisyon dahil sa kakulangan ng intake ng pagkain, infiltration sa balat dahil sa paggamit ng diaper, atbp.

8-039



Kapag nasa posisyong nakahiga nang patihaya, ang mga lugar kung saan nakatuon ang bigat ng katawan ay ang sacral region, ulo, scapular region, at heel region, mula sa pinakamabigat na pagkakasunud-sunod. Madaling magkaroon ng pressure ulcer sa iliac region kapag nasa posisyong nakahiga nang patagilid(▶ tingnan ang G007).

8-040



Ang high-quality protein ay may mataas na amino acid score, at kabilang dito ang mga pagkain tulad ng soybeans, itlog, gatas, karne ng baka, baboy, manok, isda, atbp.

8-041



Tumatagal nang 1 hanggang 3 araw mula sa pagtunaw at pagsipsip ng pagkain hanggang sa maging dumi ito. Ang constipation ay isang kondisyon kung saan hindi dumudumi sa loob ng 3 araw, kaya nakakaramdam ng kahirapan sa pamumuhay ang taong mayroon nito.

**8-
042**

Madalas na nakakaranas ng constipation bilang resulta ng iba't ibang sakit kabilang ang mga sakit sa digestive system, cardiovascular system, atbp.



**8-
043**

Para maglabas ng dumi, kailangan ng nakaupong posisyon, paggana ng mga kalamnan ng tiyan, at kakayahang umiri. Maaaring makaranas ng constipation dahil sa paghina ng mga kalamnan ng tiyan.



**8-
044**

Maraming nakikitang side effect ng gamot tulad ng constipation atbp.



**8-
045**

Sa halip na magreseta kaagad ng mga laxative, subukang pagalingin ang constipation sa pamamagitan ng pagkain ng mga pagkaing mayaman sa fiber, pag-eehersisyo, at sapat na hydration, atbp.



**8-
046**

Ang labis na ehersisyo tulad ng paglalakad nang matagal na oras, pag-akyat at pagbaba ng hagdan, atbp. ay maaaring magdulot ng pasanin sa tuhod, ngunit hindi dapat iwasan ang paglalakad upang magkaroon ng lakas ng kalamnan sa lower limbs.



**8-
047**

Iwasang magdulot ng pasanin sa kasukasuan ng tuhod hangga't maaari. Ang pag-upo sa posisyong *seiza* kung saan maximum na nakabaluktot ang mga kasukasuan ay nakakapagpalala ng sakit.



8-048



Karaniwan, ginagamit ang cold compress kung may lagnat at pananakit dahil sa impeksyon, ngunit chronic ang pag-unlad ng gonarthrosis kaya gumagamit ng hot compress sa kasong ito.

8-049



Para mabawasan ang pasanin sa tuhod, aktibong gumamit ng mga assistive device tulad ng tungkod, walker, atbp.

8-050



Sa Parkinson's disease, nagkakaroon ng movement disorder dahil sa pagbawas ng dopamine. Nagkakaroon ng reflex disorder kung saan sinusubukang balansehin ang katawan at humihilig paharap.

8-051



Sa Parkinson's disease, hindi maigalaw nang maayos ang mga kamay at paa dahil sa matinding pagtigas ng mga kalamnan ng katawan at pagkakahadlang sa extrapyramidal tract na nauugnay sa paggalaw. Lumiliit ang mga hakbang kapag naglalakad at nagiging madaling matumba (frozen gait, sliding feet, brachybasia).

8-052



Isa sa mga sintomas ng Parkinson's disease ang orthostatic hypotension. Ang orthostatic hypotension ay tumutukoy sa kawalan ng katatagan, pagkahilo, atbp. kapag tumayo atbp.

8-053



Ang kawalan ng ekspresyon sa mukha (mask-like face) na nakikita sa mga user na may Parkinson's disease ay isang kondisyon kung saan kaunti na lamang ang pagbabago sa mga ekspresyon sa mukha dahil sa pagtigas ng mga kalamnan.

8-054



Pinapahina ng pulmonya ang paggana ng paghinga at immunity, kaya nagiging madaling kapitan ng iba pang virus at bakterya. Madaling magkaroon ng maraming komplikasyon, at madaling maiugnay ang komplikasyon ng trangkaso.

8-055



Sa mga matatanda, ang mga sintomas ng sakit ay hindi tipikal, at kahit na magkaroon ng pulmonya, may mga kaso kung saan hindi nakakaranas ng mataas na lagnat. Madalas na nahuhuli ang paglitaw ng mga sintomas, at hindi sa lahat ng pagkakataon ay nagkakaroon ng mataas na lagnat sa simula.

8-056



Kabilang sa mga sintomas ng hypothyroidism ang pamamaga, pamamalat, macroglossia, atbp.

8-057



Itinakda sa Medical Practitioners Act at Dental Practitioners Act na maaaring magbigay ng reseta ng gamot ang mga doktor o dentista. Kung gagawin ito ng isang public health nurse, labag ito sa batas.

8-058




Maaari ring ihanda ng user at ng kanyang pamilya ang in-home service plan, ngunit kadalasang ipinapahanda ito sa mga community comprehensive support center o in-home nursing care support service provider, at inihahanda ng nursing care support specialist (care manager). Ang mga home-visit care worker ay nagbibigay ng serbisyo sa nursing care alinsunod sa in-home service plan.




Mga punto sa pag-aaral

■ Mga bahagi na madaling magkaroon ng pressure ulcer



■ Mga bahagi na kadalasang nababalian ng buto sa mga matatanda



9

**Pag-unawa
sa Dementia**

A

Mga Sagot/Paliwanag

A

9-
001



Ito ay isang konsepto na naglalayong unawain ang sitwasyon mula sa pananaw ng isang tao, habang nagtutuon ng pansin sa inklinasyon ng personalidad, kasaysayan ng buhay, atbp. ng taong iyon nang naka-focus sa kanyang orihinal na “indibidwalidad”, sa halip na magtuon ng pansin sa mga sintomas ng dementia.

9-
002



Ayon sa “Annual Report on the Aging Society 2017”, ang bilang ng mga taong may dementia ay humigit-kumulang 4.62 milyon noong 2012, ngunit inaasahang umabot sa humigit-kumulang 7 milyon sa 2025.

9-
003



Sa patakaran, ang community-oriented service ay iniuukol para sa mga taong naninirahan sa munisipalidad na iyon.

9-
004



Sa “New Orange Plan”, nabanggit ang 7 haligi: (1) Pagpapalaganap at paglinang ng kaalaman sa pag-unawa sa dementia, (2) Pagbibigay ng napapanahon at naaangkop na medikal na pangangalaga, nursing care, atbp., (3) Pagpapahusay ng patakaran para sa early-onset dementia, (4) Pagsuporta sa mga tagapag-alaga, (5) Paglikha ng komunidad na mabuti sa mga matatanda kabilang ang mga taong may dementia, (6) Pagtataguyod ng pananaliksik at pag-unlad na may kaugnayan sa dementia, at (7) Pagpapahalaga sa pananaw ng mga taong may dementia at ng kanilang mga pamilya.

9-
005



Ang adult guardianship system ay nauuri sa voluntary guardianship at legal guardianship.

9-006



Sa proyekto sa pagsuporta sa pagsasarili sa pang-araw-araw na pamumuhay, nagsisilbing nagpapatupad na entidad ang mga prefectural social welfare council o mga itinalagang city social welfare council, at ang municipal social welfare council ang namamahala sa counter operation.

9-007



Ang dementia community support promoter ay itatalaga sa mga community comprehensive support center, dementia disease medical center, atbp. para sa bawat munisipalidad.

9-008



Kabilang sa core symptoms ng dementia ang kapansanan sa memorya, disorientation, paghina ng kakayahan sa kalkulasyon at kakayahang humusga, aphasia, agnosia, apraxia, executive function disorder, atbp. (► tingnan ang G008).

9-009



Kung ikukumpara sa pagiging malilimutin na nauugnay sa pagtanda, kabilang sa mga katangian ng pagiging malilimutin na nauugnay sa dementia ang: paglimot sa buong karanasan; kadalasang hindi namamalayan ang pagiging malilimutin; at umuunlad at nakakasagabal sa pang-araw-araw na pamumuhay ang pagiging malilimutin.

9-010



Kabilang sa mga katangian ng pagiging malilimutin na nauugnay sa pagtanda ang: paglimot ng ilang bahagi ng karanasan; at kadalasang may kamalayan sa pagiging malilimutin. Karaniwan, hindi umuunlad ang pagiging malilimutin at ang antas nito ay hindi nakakasagabal sa pang-araw-araw na pamumuhay.

9-011



Ang agnosia ay tumutukoy sa kondisyon na hindi nakakakilala nang maayos ng mga bagay na nakita o narinig, kahit na walang problema sa sensory function. Ang kondisyon kung saan hindi makagawa ng kilos na naaangkop sa layunin kahit na walang problema sa motor function ay tinatawag na apraxia.

**9-
012**



Sa executive function disorder, nawawala ang kakayahang bumuo ng plano at isagawa ito, na nakakasagabal sa ADL (mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay).

**9-
013**



Ang disorientation ay tumutukoy sa kondisyon kung saan nawawala ang kakayahang maunawaan ang mga impormasyong kinakailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay tulad ng oras, lugar, tao, atbp.

**9-
014**



Ang kondisyon kung saan napipili ang nawawalang function mula sa mga speech function na pagsasalita, pakikinig, pagsusulat, at pagbabasa, kahit na walang kapansanan sa articulatory organ at pandinig ay tinatawag na aphasia. Ang kondisyon na nawala ang function sa pagsasalita ay tinatawag na motor aphasia, at kondisyon na nawala ang function sa pakikinig ay tinatawag na sensory aphasia.

**9-
015**



Ang REM sleep behavior disorder ay isa sa mga sintomas na nakikita sa mga taong may dementia with Lewy bodies.

**9-
016**



Kahit na umunlad ang kapansanan sa memorya, kadalasang napapanatili ang kakayahang maramdaman kung paano sila nakikita ng mga tao sa paligid. Sa karagdagan, hindi nababago ang pangunahing mekanismo ng isip bilang isang tao.

**9-
017**



Ang delirium ay isang kondisyon kung saan lumalabo ang kamalayan, at maaaring may kasamang halusinasyon. Biglaan ang paglitaw ng mga sintomas at maaaring magpabagu-bago sa loob ng 1 araw ang mga ito. Kapag ang delirium ay kadalasang nangyayari sa gabi, tinatawag itong nocturnal delirium.

**9-
018**

Ang depresyon ay kadalasang pabagu-bago sa loob ng 1 araw. Karaniwan, masama ang kalagayan sa umaga at kadalasang mas nagiging aktibo sa hapon.



**9-
019**

Hindi malinaw ang panahon ng pagsisimula ng Alzheimer's dementia. Nagsisimula na lamang ang pagiging malilimutin nang hindi namamalayan at dahan-dahan itong umuunlad (➡ tingnan ang G008).



**9-
020**

Sa Alzheimer's dementia, nakikita ang malinaw na pagbabagong dulot ng sakit sa hippocampus sa loob ng temporal lobe na nauugnay sa memorya at sa cerebral limbic system, at nagkakaroon ng kapansanan sa memorya mula sa early stage (➡ tingnan ang G008).



**9-
021**

Kabilang sa cerebrovascular disease ang cerebral hemorrhage, subarachnoid hemorrhage, cerebral infarction, atbp., at nagkakaroon ng iba't ibang kapansanan depende sa bahaging napinsala. Ang cerebrovascular disease ay nangyayari bilang resulta ng mga sakit na nauugnay sa mga gawi sa pamumuhay.



**9-
022**

Ang vascular dementia ay madalas na may kasamang movement disorder depende sa bahagi ng utak na napinsala. May mga pagkakataon din kung saan may kasamang mga sintomas ng emotional incontinence, delusyon, delirium, depresyon, atbp., bukod sa kapansanan sa memorya at disorientation, at mga neurological symptom tulad ng kapansanan sa wika, kapansanan sa pandama, hemiplegia, atbp. (➡ tingnan ang G008).



**9-
023**

Sa dementia with Lewy bodies, nakikita ang mga sintomas ng Parkinson's disease, at nagkakaroon ng problema sa paggalaw sa buong katawan. May mga sintomas na frozen gait, brachybasia, postura na nakahilig paharap, kawalan ng kakayahang huminto kaagad, atbp., at paulit-ulit na natutumba. Bukod pa rito, madalas na nakakaranas ng visual hallucination (➡ tingnan ang G008).



**9-
024**



Kabilang sa mga katangian ng dementia with Lewy bodies ang pagkakaranas ng pagkahimatay, pabagu-bagong sintomas sa 1 araw, pansamantalang kapansanan sa kamalayan, atbp. (► tingnan ang G008).

**9-
025**



Bilang sintomas ng pagbabago ng personalidad, may mga pagkakataon kung saan inuulit-ulit ang kakaibang kilos na tila nagbago ang tao. Nakikita rin ang inklinasyon na ulitin ang parehong pattern ng kilos.

**9-
026**



Isa sa mga katangian ng frontotemporal dementia ang stereotyped behavior na nakikita sa middle stage. Ang stereotyped behavior ay isang sintomas kung saan hindi makukuntento kung hindi gagawin ang parehong kilos araw-araw (► tingnan ang G008).

**9-
027**



Ang Creutzfeldt-Jakob disease ay kadalasang nararanasan ng mga taong nasa edad na 50s at 60s, at namamatay pagkalipas ng 6 hanggang 12 buwan mula nang lumitaw ang unang sintomas.

**9-
028**



Sa chronic subdural hematoma, unti-unting lumalaki ang hematoma sa loob ng mga 1 hanggang 3 buwan mula sa pagkauntog, at lumalala ang pananakit ng ulo at pagiging malilimutin. Isa itong tipikal na anyo ng dementia na maaaring gumaling, dahil maaaring alisin ang hematoma sa pamamagitan ng operasyon sa utak.

**9-
029**



Kabilang sa mga pangunahing sintomas ng normal pressure hydrocephalus ang cognitive disorder, kapansanan sa paglalakad, at urinary incontinence. Isa itong dementia na maaaring gumaling sa pamamagitan ng paggamot.

**9-
030**

Mawawala ang mga sintomas ng dementia dahil sa pagbuti ng thyroid function. Isa itong dementia na maaaring gumaling sa pamamagitan ng paggamot.



**9-
031**

Ang early-onset dementia ay tumutukoy sa dementia na nagsimula bago ang edad na 65 taong gulang, anuman ang sakit na naging sanhi nito. Sa karagdagan, inuuri bilang juvenile period ang 18 hanggang 39 taong gulang, at presenile period ang 40 hanggang 64 taong gulang.



**9-
032**

Kung ikukumpara sa senile dementia, ang early-onset dementia ay may labis na mas mababang prevalence rate at mas mabilis na umuunlad. Mas karaniwan ang pagkakaroon nito sa mga lalaki.



**9-
033**

Ang HDS-R at MMSE ay ginagamit bilang mga screening test upang matukoy ang mga taong pinaghihinalaang may dementia mula sa grupo, at hindi maaaring gumawa ng opisyal na diagnosis gamit ang HDS-R o MMSE lamang.



**9-
034**

Dahil humihina sa early stage ng dementia ang IADL, na tumutukoy sa kakayahan sa pamamahala sa pamumuhay, magsagawa ng assessment sa kalagayan sa pamumuhay tulad ng kung kayang gawin ang pinansiyal na pamamahala, pamimili, paglabas nang mag-isa, paghahanda ng menu, pagluluto, pagsasaayos ng tirahan, atbp.



**9-
035**

Sa drug therapy para sa dementia, hindi ganap na pinapatigil ang pag-unlad ng sakit, kundi pinipigilan lamang ito.



**9-
036**

Kabilang sa mga side effect ng donepezil hydrochloride ang mga gastrointestinal disorder tulad ng kawalan ng ganang kumain, indigestion, pagtatae, atbp.



**9-
037**

Sa population approach na isinasagawa bilang hakbang sa pag-iwas sa dementia, kabilang ang pagpapalaganap at paglinang ng kaalaman tungkol sa konsepto ng pag-iwas sa dementia sa pamamagitan ng mga lektura atbp. Kabilang sa high-risk approach ang gabay sa kalusugan atbp. tulad ng aktuwal na pagpapabuti ng diyeta atbp.



**9-
038**

Ang mild cognitive disorder ay isang pre-stage ng Alzheimer's dementia atbp., kung saan may pagkalimot at paghina ng memorya, ngunit normal ang ADL (mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay) at ang pangkalahatang cognitive function. Epektibong magsagawa ng brain activation rehabilitation sa yugtong ito.



**9-
039**

Ang emotional incontinence ay tumutukoy sa kawalan ng kakayahang kontrolin ang emosyon. Kadalasang nakikita ito sa vascular dementia.



**9-
040**

Ang halusinasyon ay nauuri sa visual hallucination kung saan nakakakita ng mga bagay o tao na hindi umiiral, auditory hallucination kung saan nakakarinig ng boses na hindi dapat naririnig, atbp. Isa sa mga katangian ng dementia with Lewy bodies ang visual hallucination.



**9-
041**

Sa delusyon, mayroong delusyon na ninakawan kung saan sinasabing "Ninakawan ako ng pera" atbp., delusyon ng pagiging biktima kung saan sinasabing "May lason ang pagkain", atbp.



**9-
042**

Tinatawag din na kagustuhang umuwi ang pagsabi na “Uuwi ako sa bahay” pagsapit ng gabi. May mga pagkakataon kung saan nangyayari ang ganitong mga kilos at salita kahit na nasa bahay.



**9-
043**

Ang stereotyped behavior tumutukoy sa pag-uulit ng parehong kilos, at kadalasang nakikita sa taong may frontotemporal dementia.



**9-
044**

Sa antas na katamtaman o higit pa ng Alzheimer's dementia o dementia with Lewy bodies, may mga kaso kung saan nagkakamaling kainin ang bagay na hindi nakakain.



**9-
045**

Kung gumagamit ng diaper, maaaring hubarin ito dahil naipon ang dumi sa loob ng diaper at hindi kumportable. Masasabing ito ay isang kilos na dulot ng katangian ng nursing care na ibinibigay.



**9-
046**

Kapag nakaramdam ng matinding pagkalumbay o pagbubukod, may mga pagkakataon kung saan tinitipon ang mga bagay at inilalagay ang mga ito sa paligid upang mapanatag ang loob.



**9-
047**

Isa itong sintomas sa pandama, pag-iisip, mood o kilos na naimpluwensyahan ng kapaligiran, ugnayan sa mga tao sa paligid, atbp. bukod pa sa core symptoms na dulot ng paghina ng cognitive function, na kasama sa pag-unlad ng Behavioral and Psychological Symptoms of Dementia (► tingnan ang G008).



**9-
048**



Ang Behavioral and Psychological Symptoms of Dementia ay mga sintomas na lumilitaw sa maraming kadahilanan, at hindi nakikita sa lahat ng taong may dementia. Bukod dito, maaari itong bumuti o lumala depende sa katangian ng suporta na ibinibigay sa taong iyon.

**9-
049**



Ang pagpigil o pagbabawal sa Behavioral and Psychological Symptoms of Dementia ay kadalasang nagpaparamdam sa taong may dementia na siya ay “itinanggi”, at maaaring patindihin nito ang kanyang negatibong damdamin. Dahil dito, kadalasan ay mas epektibong gumamit ng ibang paraan ng pakikipag-ugnayan sa halip ng pagpigil o pagbabawal.

**9-
050**



Ang pagkabalisa ay ipinahahayag ng bawat isa sa mga taong may dementia sa iba’t ibang paraan. Ang taong may dementia ay kadalasang hindi kayang suriin ang sarili para malaman kung ano ang sanhi ng kanilang pagkabalisa.

**9-
051**



Bilang pagpapahalaga sa self-esteem ng mga taong may dementia, iwasanan ang mga negatibong salita at huwag silang sisihin sa kanilang mga pagkabigo. Unawain ang kanilang kasaysayan ng buhay upang matanggap ang kanilang subhetibong mundo, at huwag itanggi ang mga pagkakaiba sa aktuwal na mundo.

**9-
052**



Kapag pinagsabihan, itinanggi, atbp. ang taong may dementia bilang pagtugon sa Behavioral and Psychological Symptoms of Dementia (BPSD), hindi ito makakatulong sa pagpapabuti ng sintomas, at higit pa rito, lalo itong magdudulot ng pagkalito, kasabikan at agresibong kilos o pananalita.

**9-
053**



Mahalaga sa pagsuporta sa taong may dementia na makipag-ugnayan sa paraang maiiwasan ang kanyang pagkabigo, sa pamamagitan ng pag-unawa sa “mga bagay na kaya pang gawin” at “mga bagay na hindi na kayang gawin”, at pagtulong sa “mga bagay na hindi na kayang gawin” nang hindi niya napapansin.

9-054



Ang mga taong may dementia ay madaling maimpluwensiyahan ng mga tao sa paligid. Napapagod sila kapag maraming stimuli sa kanilang paligid kabilang ang ingay, at kadalasang nagdudulot ito ng pagkalito. Mahalagang kontrolin ang dami at kalidad ng stimuli at lumikha ng kumportableng kapaligiran.

9-055



Ang mga taong may dementia at disorientation ay madaling mawalan ng kamalayan sa ugnayan ng mga lugar. Dahil dito, nagiging mahirap ang pagsasaulo ng mga bagong lugar at pagkilala sa lugar na kinabibilangan. Kailangan ng pagsasaalang-alang para punan ang gap kapag nagbago ang kapaligiran.

9-056



Para sa taong may dementia na may kapansanan sa memorya at disorientation, ang pagkakaroon ng taong mapagkakatiwalaan niya ay makakatulong na mabawasan ang kanyang pagkabalisa kapag siya ay nag-iisa sa hindi pamilyar na lugar. Ang inaasahan sa isang care worker ay maipadama niya sa taong may dementia na siya ay isang taong mapagkakatiwalaan.

9-057



Ang community care conference ay isinasagawa sa mga munisipalidad o community comprehensive support center.

9-058



Sa mga community comprehensive support center, itinatalaga ang 3 propesyonal at isinasagawa ang mga sumusunod bilang proyekto ng komprehensibong suporta: (1) Primary project sa pag-iwas sa nursing care, (2) Gawain sa komprehensibong suporta sa konsultasyon, (3) Gawain sa pagtatanggol ng mga karapatan, at (4) Gawain sa suporta sa komprehensibo at nagpapatuloy na care management.

9-059



Ang mga dementia cafe ay mga lugar na ang layunin ay magbahagi ng impormasyon sa isa't isa ang mga taong may dementia, kanilang mga pamilya, mga lokal na residente at mga propesyonal, at maunawaan nila ang isa't isa. Walang partikular na pamantayan sa pagpapatakbo, at lumalaganap sa buong bansa ang mga dementia cafe na may iba't ibang layunin at anyo.

**9-
060**



Sa mga nursing care class, hindi lamang natututunan ang mga kasanayang nauugnay sa pisikal na nursing care, kundi pati ang mga kaalaman at paraan ng pakikipag-ugnayan sa mga taong may dementia. Nakakatulong din ito sa pamilya ng mga taong may dementia dahil sinuman ay may pagkakataon para madaling makakuha ng impormasyon.

**9-
061**



Ang mga dementia supporter ay mga boluntaryong tumutulong sa mga taong may dementia at kanilang mga pamilya sa komunidad o lugar ng trabaho gamit ang tamang kaalaman tungkol sa dementia. Kailangang sumailaim sa kurso ng pagsasanay para sa mga dementia supporter na isinasagawa sa mga lokal na pamahalaan tulad ng prefecture, munisipalidad, atbp., kumpanya at iba pang organisasyon.

**9-
062**



Ang initial-phase dementia intensive support team ay nagbibigay ng suporta habang nagtutulungan sa pagitan ng iba't ibang propesyon, hindi lamang ang mga medikal na propesyonal, kundi pati ang mga certified care worker, certified social worker, mental health social worker, at iba pang propesyon sa welfare.

**9-
063**



Hindi bihira sa mga pamilya ng taong may dementia na makaranas ng depresyon dahil sa nursing care. Mula sa ganitong sitwasyon, maaaring humantong sa pang-aabuso tulad ng neglect (pagpapabaya sa nursing care).

**9-
064**



May mga kaso kung saan ang pamilyang nag-aalaga sa taong may dementia ay tuluy-tuloy na namumuhay nang hindi nakakapagpahinga nang 24 oras. Sa pamamagitan ng pagre-relax, kahit pansamantala, mababawasan ang pasanin at stress sa nursing care.

**9-
065**



Ang pakikipag-usap sa ibang tao na nasa parehong katayuan ay maaaring makatulong bilang peer counseling. Ang ibig sabihin ng peer ay “kasamahan”. Maaaring gumaan ang pakiramdam sa pamamagitan ng pagtitipon ng mga taong may parehong problema, pagbabahagi ng mga ito, paghikayat sa isa't isa, at pagkukuwento sa isa't isa ng mga karanasan kung saan nalampasan nila ang problema.




Mga punto sa pag-aaral

■ Mga pangunahing sakit na nagiging sanhi ng dementia at mga sintomas

Pag-uuri	Pangunahing sintomas atbp.
(1) Alzheimer's dementia 	• Dahan-dahan ang pagkakaroon ng sintomas at paglala. • Nagsisimula ito sa kapansanan sa memorya. • Madalas na mabuti ang mood. • May mga gamot na maaaring magpabagal sa paglala.
(2) Vascular dementia 	• Ang paglala ay nahahati sa mga yugto. • Hemiplegia, kapansanan sa wika, atbp. • May mga bagay na kayang gawin at bagay na hindi kayang gawin.
(3) Dementia with Lewy bodies 	• Nakakakita ng mga bagay na hindi nakikita (visual hallucination). • Brachybasia atbp. (sintomas ng Parkinson's disease) • Sumisigaw habang nananaginip atbp. (sleep behavior disorder).
(4) Frontotemporal dementia 	• Hindi makatuwiran at nawawalan ng pagtitimpi. • Pagbabago sa personalidad. • Gumagawa ng kilos na may pattern. • Kasabikan at pagkaagresibo.

■ Core symptoms ng dementia at Behavioral and Psychological Symptoms of Dementia (BPSD)



10

**Pag-unawa sa mga
Kapansanan**

A

Mga Sagot/Paliwanag

A

10-001



Ayon sa ICIDH, ang kapansanan ay nagiging kapansanan sa paggana o kapansanan sa anyo depende sa sakit o abnormalidad, at mula rito ay nagdudulot ng kapansanan sa kakayahan, na humahantong sa social disadvantage.

10-002



Sa social model ng ICF, itinuturing ang kapansanan bilang isang bagay na nilikha ng kapaligiran.

10-003



Itinakda sa Act for Eliminating Discrimination against Persons with Disabilities na “Layunin na itaguyod ang pagpuksa sa diskriminasyon batay sa kapansanan, at sa pamamagitan nito ay mag-ambag patungo sa pagsasakatuparan ng isang lipunan kung saan ang lahat ng mamamayan ay sama-samang namumuhay habang iginagalang ang personalidad at indibidwalidad ng bawat isa, nang walang pagbubukod batay sa pagkakaroon ng kapansanan”.

10-004



Sinisikap na makipagtulungan sa pagitan ng mga kaugnay na institusyon atbp. sa komunidad upang makapagbigay ng epektibo at maayos na suporta sa mga taong may kapansanan na nasa sitwasyon na nahihirapan sa panlipunang pamumuhay.

10-005



Ang pagbibigay ng makatuwirang pagsasaaalang-alang ay mula sa bansa at lokal na pamahalaan (legal na obligasyon) at mga pribadong kumpanya (obligasyong magsikap).

10-006



Sa pagpapatupad ng makatuwirang pagsasaalang-alang, kailangan ng naaangkop na pagsasaalang-alang batay sa katangian ng kapansanan ng bawat isa depende sa pangyayari at sitwasyon.

10-007



Iminungkahi ni Bank-Mikkelsen ang normalisasyon at hinikayat niya ang pagpapabuti ng welfare ng mga taong may intelektwal na kapansanan. Ang nagbuod ng 8 prinsipyo ay si Nirje, B.

10-008



Kanais-nais ang pagtatakdang naglalayon na maging pareho sa mga taong walang kapansanan ang lugar ng pamumuhay ng mga taong may kapansanan, at makapamuhay sila sa loob ng komunidad.

10-009



Ang social inclusion ay isang konsepto kung saan sinasaklaw ng lipunan ang lahat ng tao, kabilang ang mga taong may kapansanan, matatanda, bata, imigrante, at iba pang taong nasa mababang katayuan sa lipunan.

10-010



Ang care worker ay dapat sumuporta sa user sa paraang humihikayat sa kanyang kakayahan upang malutas ang mga task sa sarili lamang (empowerment).

10-011



Ang care worker ay dapat magtuon ng pansin sa kung ano ang kayang gawin ng user. Dapat siyang suportahan upang mapahusay iyong bilang kalakasan (strength).

10-012



Ang advocacy ay tumutukoy sa pagkatawan sa user, at pagprotekta at pagsuporta sa kanya mula sa katayuan ng user (pagtatanggol ng mga karapatan). Maaaring hindi maipahayag ang sariling kalooban at mga karapatan kapag humina ang kakayahang humusga dahil sa intelektwal na kapansanan, mental na kapansanan, atbp.

10-013



Sa medical rehabilitation, nagsasagawa ng paggamot ng mga sakit at pagsasanay atbp. para manumbalik ang paggana. Kung hindi magamit ang nangingibabaw na kamay dahil sa pagkaparalisa atbp., magsasagawa ng pagsasanay para baguhin ang nangingibabaw na kamay.

10-014



Ang “suporta sa trabaho” ay napapailalim sa financial rehabilitation. Nagsasagawa rito ng mga pagpapakilala ng trabaho, gabay sa trabaho, pagsasanay sa trabaho, atbp.

10-015



Ang cerebellum ay may tungkulin na i-adjust ang balanse at iba pang paggalaw. Dahil sa pagkasira ng nerve cells nito, nakakaranas ng ataxia (kawalan ng katatagan atbp.).

10-016



Isang paunang sintomas ng spinocerebellar degeneration ang kawalan ng katatagan kapag naglalakad, at may panganib na matumba. Gayunman, kung nakakalakad, isaalang-alang ang paggamit ng tungkod atbp. upang maiwasan ang disuse syndrome.

10-017



Sa cerebral palsy, nagkakaroon ng kapansanan sa utak sa loob ng panahon na nasa sinapupunan hanggang 4 na linggo pagkasilang ng sanggol, at nakikita ang mga movement disorder tulad ng pagkaparalisa, involuntary movement, pag-igting ng mga kalamnan, atbp.

10-018

Ang cerebral palsy ay nauuri sa spastic type, athetoid type, rigid type, ataxic type, at mixed type depende sa mga sintomas.



10-019

Ang uri ng pagkaparalisa ay nag-iiba depende sa bahagi at kondisyon ng pinsala sa spinal cord. Kapag napinsala ang lumbar cord o thoracic spinal cord, nagkakaroon ng paraplegia. Ang quadriplegia ay dulot ng pinsala sa cervical spinal cord.



10-020

Kapag napinsala ang cervical spinal cord, hindi gagana ang function ng pagpapawis kaya naiipon ang init sa katawan (heat retention). Mapapababa ang temperatura ng katawan sa pamamagitan ng pag-adjust ng air conditioner at pagpunas ng katawan gamit ang malamig na tuwalya.



10-021

May language area na nauugnay sa pagsasalita, pakikinig, pagbabasa, at pagsusulat sa left hemisphere ng cerebrum. Kapag napinsala ang left hemisphere, magkakaroon ng kapansanan sa wika.



10-022

Ang hemispatial neglect na dulot ng pinsala sa cerebral hemisphere ay kadalasang left spatial neglect. Sa left spatial neglect, hindi naitutuon ang pansin sa espasyo at mga bagay sa kaliwang panig, kaya kahit na may kumausap mula sa kaliwa, sa kanan titingin (➡ tingnan ang G009).



10-023

Kapag umunlad ang glaucoma, nakakaranas ng pagkipot ng visual field, pananakit ng ulo, at pakiramdam na nasusuka. Ang night blindness ay tumutukoy sa kondisyon na humihina ang paningin sa dilim, at ang pangunahing sakit na may ganitong kondisyon ay ang retinal pigmentary degeneration (➡ tingnan ang G009).



10-024



Ang diabetic retinopathy ay isa sa tatlong pangunahing komplikasyon ng diabetes mellitus (diabetic retinopathy, diabetic nephropathy, at diabetic neuropathy) kung saan nagkakaroon ng kapansanan ang sirkulasyon ng dugo sa retina. Ang mga pangunahing sintomas ay blurred vision at paghina ng paningin, at maaari itong humantong sa pagkabulag. Ang glaucoma ay isa sa mga pangunahing sakit kung saan tumataas ang intraocular pressure at nako-compress ang optic nerves.

10-025



Ang retinal pigmentary degeneration ay isang genetic na sakit kung saan nagkakaroon ng abnormalidad sa retina na dumadama ng ilaw. Kabilang sa mga pangunahing sintomas ang unti-unting pagkipot ng visual field at paghina ng paningin.

10-026



Ang puting tungkod ay ginagamit ng mga taong may kapansanan sa paningin para kumuha ng impormasyon mula sa paligid, at bilang isang simbolo para ipaalam sa mga tao sa paligid na sila ay may kapansanan sa paningin.

10-027



Ang accompanying support ay isang serbisyo kung saan ang isang guide helper o katulad nito ay sumasama sa isang taong may kahirapan sa paglabas dahil sa kapansanan sa paningin, nagbibigay ng kinakailangang biswal na impormasyon, sumusuporta sa paglipat, nagbibigay ng nursing care para sa pag-ihi at pagdumi, pagkain, atbp.

10-028



Ang conductive hearing loss ay nangyayari kapag may pinsala mula sa outer ear patungo sa middle ear. Ang sensorineural hearing loss ay nangyayari kapag may pinsala mula sa inner ear patungo sa auditory nerves.

10-029



Ang braille ay gumagamit ng 6 na convex para magpahiwatig ng letra, at ito ay ginagamit sa pakikipag-usap sa mga taong may kapansanan sa paningin.

10-030



Ang taong may Wernicke's aphasia ay nakakapagbigkas ngunit hindi nakakaintindi ng sinasabi ng ibang tao. Ang Broca's aphasia ay isang kondisyon kung saan naiintindihan ang sinasabi ng ibang tao ngunit nahihirapang bumigkas.

10-031



Ang talking aid ay isang communication assisting device na ginagamit sa pakikipag-usap sa mga taong may kapansanan sa wika. Ipinapahayag ang kalooban sa pamamagitan ng mga pangungusap at tunog na nabuo mula sa pagpindot ng mga letter key sa isang 50-character kana syllabary na letter board.

10-032



Ang pananakit ng dibdib na dulot ng angina pectoris ay tumatagal lamang ng ilang minuto at maaaring maibsan gamit ang nitroglycerin preparation. Kung tumatagal ng 30 minuto o higit pa ang matinding pananakit ng dibdib, ito ay myocardial infarction.

10-033



Ang mga pacemaker ay gawa sa metal na madaling daanan ng kuryente, kaya kapag nalantad sa mga electromagnetic wave, maaaring dumaloy ang kuryente at magdulot ng malfunction.

10-034



Kabilang sa mga chronic obstructive pulmonary disease ang emphysema at chronic bronchitis. Ang pangunahing sanhi ng mga ito ay paninigarilyo, at nakakaranas ng pangangapos ng hininga dahil sa pagsara ng respiratory tract na dulot ng pamamaga ng mga baga.

10-035



Ang pulse oximeter ay isinusuot sa daliri para sukatin ang oxygen saturation (SpO_2) sa dugo.

10-036



Kapag humina ang paggana ng mga bato, hindi mailalabas ang mga waste product sa katawan. Bilang resulta, makakaranas ng uremia tulad sa heart failure, hypertension, atbp.

10-037



Kapag humina ang paggana ng mga bato, hindi mailalabas ang asin sa katawan. Dahil nagiging sanhi ng hypertension at edema ang labis na asin, kailangang limitahan ang asin.

10-038



Sa hemodialysis, gumagawa ng shunt para idugtong ang artery at vein. Magtuturok ng karayom sa shunt para maglabas ng dugo mula sa katawan, at ibabalik sa loob ng katawan ang malinis na dugo na sinala gamit ang makina.

10-039



Ang colorectal cancer ay kadalasang nangyayari sa sigmoid colon at rectum.

10-040



Ang colon ay may tungkulin na sumipsip ng tubig, at ang katangian ng dumi na lumalabas mula sa sigmoid colon ay karaniwang soft stool hanggang formed stool.

10-041



Ang Crohn's disease ay isang inflammatory bowel disease kung saan nagkakaroon ng erosion at ulcer na dulot ng pamamaga sa maliit na bituka at malaking bituka. Ang mga pangunahing sintomas ay pananakit ng tiyan at pagtatae, at ang iba pang sintomas ay lagnat, melena, at pagbaba ng timbang.

10-042



Sa central parenteral nutrition, magtuturok ng mga high-calorie na fluid infusion, kaya dapat isagawa ang fluid replacement mula sa malalaking daluyan ng dugo (central vein) na malapit sa puso. Hindi naaangkop na magturok mula sa mga daluyan ng dugo sa bahagi ng forearm dahil maaari itong magdulot ng phlebitis atbp.

10-043



Ang opportunistic infection ay tumutukoy sa impeksyon na dulot ng mga microorganism na may mababang pathogenicity na hindi nagdudulot ng sakit kapag malusog, ngunit nagdudulot nito kapag humina ang immunity. Dahil humihina ang immunity kapag may HIV, madaling magkaroon ng opportunistic infection.

10-044



Kapag humina ang paggana ng atay dahil sa cirrhosis, magkakaroon ng jaundice dahil hindi nade-detoxify ang bilirubin, at magkakaroon ng ascites at edema dahil nababawasan ang protina (albumin).

10-045



Kapag may kapansanan sa paggana ng atay at umiinom ng alak, hindi nade-decompose at nasisipsip ang alak sa atay, naiipon ang taba, at lalong nasisira ang paggana ng atay, kaya dapat limitahan ang pag-inom.

10-046



Kabilang sa mga mental na kapansanan ang psychogenic mental disorder na may sikolohikal na sanhi, exogenous mental disorder na may panlabas na sanhi, at endogenous mental disorder na may genetic na salik atbp. Ang alcohol dependence ay kabilang sa mga exogenous mental disorder.

10-047



Ang mga sintomas ng schizophrenia ay nauuri sa positibong sintomas at negatibong sintomas. Ang delusyon ay kabilang sa mga positibong sintomas, na isang kondisyon kung saan pinaniniwalaan ang isang bagay na hindi totoo.

10-048



Ang paghina ng kontrol sa emosyon ay kabilang sa mga social behavior disorder, at isa itong kondisyon kung saan madaling sumabog ang emosyon atbp. Ang kapansanan sa memorya ay isang kondisyon kung saan hindi maisaulo ang mga bagong bagay, maraming beses na inuulit ang pagsabi ng isang bagay, atbp.

10-049



Ang mga sanhi ng malubhang mental at pisikal na kapansanan ay nauuri sa: bago isilang; pagsilang at neonatal period; at perinatal period pasulong. Kabilang sa mga sanhi na napapailalim sa pagsilang at neonatal period ang abnormal na panganganak, napaagang panganganak, at labis na mababang timbang na sanggol.

10-050



Sa epilepsy, nagiging aktibo ang electrical activity sa cerebral nerve cells, at nagkakaroon ng kombulsyon, kapansanan sa kamalayan, atbp. Ang intelektwal na kapansanan ay kadalasang may komplikasyon na epilepsy, at tumataas ang complication rate kapag lumala ang kapansanan.

10-051



Ang rehabilitation certificate ay iniisyu ng prefecture o ordinance-designated city atbp. kapag nag-apply at inaprubahan ng isang psychological evaluator o pediatrician.

10-052



Ang katangian ng autism ay isang kapansanan sa sociability na may mga sintomas ng pagkaantala sa pag-unlad ng wika, partikular na kagustuhan, atbp. Ang pagkakaroon ng kahirapan sa pagbabasa, pagsusulat, at kalkulasyon ay mga katangian ng learning disorder (LD).

10-053



Kabilang sa mga katangian ng attention deficit hyperactivity disorder (ADHD) ang kalikutan, kawalan ng konsentrasyon, atbp. Ang mga utos ay sabihin nang maikli at malinaw, at paisa-isa.

10-054



Ang amyotrophic lateral sclerosis ay isang sakit ng nervous system kung saan nagkakaroon ng degeneration sa motor nerves na naghahatid ng signal sa mga kalamnan mula sa cerebral nerves.

10-055



Sa amyotrophic lateral sclerosis, nagkakaroon ng kapansanan sa paglunok, pangangapos ng hininga, atbp. kapag lumala ang paghina ng mga kalamnan. Napapanatili ang paningin at pandinig, at kaunti ang kapansanan sa pandama.

10-056



Ang Parkinson's disease ay isang sakit kung saan nababawasan ang dopamine at hindi makapaghatid ng motion signal sa mga kalamnan. Kabilang sa mga pangunahing sintomas ang pangingingin, paninigas ng mga kalamnan, kawalang-kilos, at postural reflex disorder. Ang paraplegia ay tumutukoy sa pagkaparalisa ng magkabilang lower limb, at karaniwang dulot ng pagkapinsala ng spinal cord.

10-057



Sa Hoehn and Yahr Scale, inuri ang pag-unlad ng mga sintomas ng Parkinson's disease sa Stage I hanggang V, at nagsisilbing itong pamantayan sa paghuhusga tungkol sa pagiging hadlang sa pang-araw-araw na pamumuhay.

10-058



Ang malignant rheumatoid arthritis ay walang sintomas ng kapansanan sa speech function. Kabilang sa mga pangunahing sintomas ng rheumatoid arthritis ang pananakit, pamamaga at depormasyon ng mga kasukasuan, at ang iba pang sintomas ay pamamaga ng mga daluyan ng dugo, mga sakit sa panloob na organo, atbp.

10-059



Ang taong may malignant rheumatoid arthritis ay nahihirapan sa mga kilos ng pagkapit, pagkurot, at pagpihit dahil sa pananakit, pamamaga at depormasyon ng mga kasukasuan sa kamay. Naaangkop ang lever-type na hawakan ng pinto.

10-060



Sa muscular dystrophy, nangyayari ang pagkasira at degeneration ng mga kalamnan dahil sa genetic inheritance. Inuri ang mga sakit batay sa edad ng pagsisimula, sintomas, at genetic type, at ang Duchenne type ang pinakamarami.

10-061



Ang muscular dystrophy ay isang sakit kung saan unti-unting nasisira ang mga kalamnan, at ang pangunahing sintomas nito ay motor function disorder na dulot ng paghina ng mga kalamnan. Ang paninigas ng mga daliri ng kamay ay isang paunang sintomas ng rheumatoid arthritis.

10-062



Kabilang sa home-visit care para sa mga taong may malubhang kapansanan ang pagbibigay ng suporta sa paglipat kapag lumabas ang user. Mahalaga ang suporta sa paglabas para makapamuhay ang user nang naaayon sa kanyang indibidwalidad.

10-063



Inilarawan ni Satoshi Ueda ang modelo sa pagtanggap ng kapansanan sa 5 yugto. Iyon ay: (1) yugto ng pagkabigla, (2) yugto ng pagtangi, (3) yugto ng pagkalito, (4) yugto ng pagsisikap para lutasin ang problema, at (5) yugto ng pagtanggap.

10-064



Sa yugto ng pagtangi, gumagana ang adjustment mechanism ng pagtangi na dulot ng sikolohiya na hindi nais tanggapin ang kapansanan. Sa yugtong ito, kinakailangan ang pakikipag-ugnayan kung saan pinahihintulutan ang pagtatanggol sa sarili ng user.

10-065



Ang “regression” ay tumutukoy sa kondisyon kung saan sinusubukang protektahan ang sarili sa pamamagitan ng pagbalik sa isang hindi pagganap na yugto ng pag-unlad. Ang pagpigil sa pangangailangang itangi ang isang bagay at pagtago nito sa isip lamang ay nauuri bilang “pagpigil”.

10-066



Ang child developmental support center (welfare type) ay isang day care facility na nagbibigay ng pagsasanay atbp. sa mga batang hindi pa nagsisimulang mag-aral na may pisikal, mental, o intelektwal na kapansanan.

10-067



Ang job coach ay sumusuporta sa mga taong may kapansanan upang sila ay makahanap ng angkop na trabaho at makapagtrabaho nang may panatag na loob.

10-068



Ang commissioned welfare volunteer ay kinomisyon ng Minister of Health, Labour and Welfare at nagsisilbi rin bilang commissioned child welfare volunteer, alinsunod sa Commissioned Welfare Volunteers Act. Inuunawa niya ang kalagayan sa pamumuhay ng mga lokal na residente at nagbibigay ng konsultasyon at tulong kung kinakailangan.

10-069




Ang consultation support specialist ay nagsasaayos upang magamit ng mga taong may kapansanan ang serbisyong naaayon sa kanilang pangangailangan, at naghahanda ng plano sa paggamit ng serbisyo.



Mga punto sa pag-aaral

■ Paraan ng pagtingin ng taong may kapansanan sa paningin



Scotoma centrale /
depekto sa visual field



Pagkipot ng visual
field



Hemispatial neglect

■ Paraan ng pakikipag-usap sa taong may kapansanan sa pandinig

Pasulat na komunikasyon




Sign language



Speech reading (lip reading)



Hearing aid



11

Mekanismo ng Isip at Katawan

A

Mga Sagot/Paliwanag

A

11-001



Ang pangangailangan ng pagtanggap ay tumutukoy sa pangangailangang makatanggap ng papuri mula sa ibang tao, makilala ng boss sa kumpanya, atbp. Ang pagpapakita ng sariling pag-unlad ay isang pangangailangan sapagsasakatuparan ng sarili. Ang pangangailangan sapagsasakatuparan ng sarili ang pinakamataas na antas ng pangangailangan sa Maslow's Hierarchy of Needs (➡ tingnan ang G010).

11-002



Ang pisyolohikal na pangangailangan ay mga pangangailangan batay sa instinct na mapanatili ang sariling uri (sekswal na pagnanais) (➡ tingnan ang G010).

11-003



Ang hindi pagkakaroon ng panganib sa buhay ay isang pangunahing pangangailangan. Ayon sa Maslow's Hierarchy of Needs, ito ang pisyolohikal na pangangailangan o pangangailangan ng kaligtasan. Ang pinakamataas na antas ng pangangailangan ay ang pangangailangan sa pagsasakatuparan ng sarili (➡ tingnan ang G010).

11-004



Ang pangangailangan ng pagtanggap ay tumutukoy sa pangangailangang makatanggap ng papuri mula sa ibang tao, makilala ng boss sa kumpanya, atbp. (➡ tingnan ang G010).

11-005



Ang pakiramdam kung saan sinisisi ang sarili tungkol sa sariling nakaraan ay nauuri bilang self-reproach type. Ang matured type ay tumutukoy sa pagtanggap sa pagtanda kung ano lamang ito (➡ tingnan ang G010).

11-006



Ang pagpapanatili ng mga aktibong aktibidad noong bata pa ay nauuri bilang defense type. Sa dependence type, nakikita ang pagiging pasibo sa lahat ng bagay, negatibong pag-uugali, atbp. (➡ tingnan ang G010).

11-007



Ang matured type ay isang type kung saan kaunti ang tunggalian sa isip at pagtanda, at tinatanggap ang pang-araw-araw na pamumuhay kung ano lamang ito (➡ tingnan ang G010).

11-008



Ang panandaliang memorya ay tumutukoy sa memorya na madaling makalimutan kung walang gagawin. Ang naulit-ulit na impormasyon ay nagiging pangmatagalang memorya at napapanatili.

11-009



Ang memorya ay may 3 proseso: pagsasaulo na tumutukoy sa pagsisikap na tandaan; pagpapanatili na tumutukoy sa pag-iimbak para hindi makalimutan ang isinaulong impormasyon; at pag-alala na tumutukoy sa paggunita sa inimbak na impormasyon (➡ tingnan ang G010).

11-010



Ang semantic memory ay tumutukoy sa memorya tungkol sa mga pangkaraniwang impormasyon kaugnay ng mga petsa, pangalan ng bagay, salita at konsepto.

11-011



Ang observation learning ay tumutukoy sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagmamasid sa mga kilos ng ibang tao.

11-012



Ang pagpigil ay tumutukoy sa pagsupil sa mga hindi katanggap-tanggap na pangangailangan at damdamin upang hindi lumitaw sa kamalayan, at pagsisikap na makalimutan ang mga ito nang hindi namamalayan.

11-013



Ang rasyonalisasyon ay tumutukoy sa pagbibigay-katuwiran sa sariling kilos sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga dahilan na kumbenyente sa sarili. Ang pagsisikap na itago ang tunay na sarili sa pamamagitan ng pagkilos sa eksaktong kabaligtaran ng nararamdaman atbp. na hindi mo nais malaman ng ibang tao ay nauuri bilang pagbuo ng reaksiyon.

11-014



Ang mga balbula na pumipigil sa backflow ay matatagpuan sa peripheral veins. Ang peripheral veins ng upper limbs at lower limbs ay may tungkuling labanan ang gravity at ibalik ang venous blood sa puso. May tungkulin ang mga balbula na pigilan ang backflow ng dugo.

11-015



Ang artery ay may tungkulin na magpadala ng dugo sa katawan sa pamamagitan ng pagtibok ng puso. Hindi nararamdaman ang tibok mula sa vein na nagpapadala ng dugo sa puso mula sa katawan.

11-016



Ang parietal lobe ay may tungkuling tanggapin ang pakiramdam ng sakit sa balat. Ang frontal lobe ang may tungkulin na gampanan ang pagdedesisyon.

11-017



Ang temporal lobe ay may tungkuling nauugnay sa pag-unawa sa wika, emosyon, atbp., bukod sa pandinig at memorya.

11-018

Ang occipital lobe ay may tungkuling kilalanin ang mga biswal na impormasyon.



11-019

Ang cerebral limbic system ay isang pangkalahatang termino para sa mga bahagi sa inner surface ng cerebrum tulad ng limbic lobe, amygdala, hippocampus, atbp. Ang hippocampus ay nauugnay sa memorya, at ang amygdala naman ay nauugnay sa emosyon.



11-020

Sa atay, ang glucose na nakuha sa pamamagitan ng pagkain ay pinapalitan ng glycogen at iniimbak. Kapag nagkulang ang glucose sa dugo, pinapalitan ang glycogen bilang glucose at ipinapadala sa dugo upang magbigay ng enerhiya. Kabilang sa mga function ng atay ang metabolism at pag-iimbak ng mga sustansiya, pagbuo ng bile, detoxification, regulasyon ng dami ng dugo, atbp.



11-021

Ang pantog ay may tungkuling mag-imbak ng ihi. Ang pag-concentrate ng ihi ay tungkulin ng mga bato. Ang na-concentrate na ihi sa kanan at kaliwang bato ay dumadaloy sa kanan at kaliwang ureter, at naiipon sa pantog. Ang ihi ay dumadaan mula sa pantog patungo sa urethra, at inilalabas mula sa katawan.



11-022

Ang respiratory center ay matatagpuan sa brain stem. Ang brain stem ay pangkalahatang termino para sa midbrain, pons, at medulla oblongata. Ang cerebellum ay matatagpuan sa bandang ilalim ng cerebral hemisphere at bandang likuran ng brain stem. Ang tungkulin nito ay nauugnay sa koordinasyon ng mga voluntary movement na namamalayan sa sarili.



11-023

Ginagampanan ng pancreas ang secretion ng pancreatic juice na nauugnay sa pagtunaw mula sa exocrine pancreas. Nagse-secrete ng mga hormone na glucagon (hyperglycemic effect) mula sa α (A) cells, at insulin (hypoglycemic effect) mula sa β (B) cells ng islets of Langerhans, na bumubuo sa endocrine pancreas.



11-024



Ang puso ay isang organo na may tungkulin bilang pump na nagpapadala ng dugo sa buong katawan. Ang nagsasagawa ng palitan ng gas ay ang mga baga. Ang venous blood na bumabalik mula sa buong katawan ay dumadaloy mula sa right atrium patungo sa right ventricle, dumadaan sa pulmonary artery at dinadala sa mga baga kung saan nagaganap ang palitan ng gas. Ang dugong natapos ang palitan ng gas ay nagiging arterial blood, dumadaan sa pulmonary vein, dumadaloy mula sa left atrium patungo sa left ventricle at umiikot sa buong katawan (▶ tingnan ang G012).

11-025



Ang laway ay hindi nagiging sanhi ng mabahong hininga. Ang laway ay may self-purification effect at antibacterial effect, na pumipigil sa mabahong hininga. Mga 99% ng bumubuo sa laway ay tubig. Kapag kaunti lamang ang ininom na tubig, mababawasan ang secretion ng laway, na nagiging sanhi ng mabahong hininga.

11-026



Ang mabahong hininga ay maaaring magdulot ng hindi kaaya-ayang pakiramdam sa ibang tao. Dahil dito, gumagana ang sikolohiya na umiwas sa pakikipag-usap, na minsan ay nagiging sanhi ng pag-iwas sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Ang mabahong hininga ay dulot ng mga pisyolohikal na salik, pagkain, sakit, atbp.

11-027



Ang parasympathetic nerves ay may tungkuling magpatulin ng secretion ng laway. Ang pagpigil sa secretion ng laway ay tungkulin ng sympathetic nerves. Nagkakaroon ng kaunting secretion ng malapot na laway kapag nangingibabaw ang sympathetic nerves, at nagkakaroon naman ng maraming secretion ng malabnaw na laway kapag nangingibabaw ang parasympathetic nerves.

11-028



Ang duct ng parotid gland, na isa sa mga large salivary gland, ay bumubukas sa loob ng oral cavity sa bahagi ng second molar sa itaas na panga. Ang bumubukas sa ilalim ng oral cavity ay ang sublingual gland at submandibular gland.

11-029



Ang antibacterial effect ay tumutukoy sa tungkulin na pigilan ang pagpasok ng mga bakterya. Bukod pa rito, ang laway ay mayroon ding self-purification effect na naglilinis sa mga labi ng pagkain, buffering effect na nagpapagaan ng impact ng mga pagkain sa oral cavity, at digestive effect na nauugnay sa pagtunaw.

11-030



Ang sublingual gland ay isang large salivary gland. Ang salivary gland ay nauuri sa small salivary gland at large salivary gland. Kabilang sa mga large salivary gland ang submandibular gland at parotid gland, bukod sa sublingual gland. Ang small salivary gland ay tumutukoy sa mga manipis na tubo na kalat sa mucous membranes sa mga labi, pisngi, at dila.

11-031



Ang kukong hugis-kutsara (spoon nails) ay isang kondisyon kung saan ang nail plate ay kumukurba sa gitna nang nakataas ang gilid tulad ng kutsara, at sinasabing nangyayari ito kapag naging marupok ang nail plate dahil hindi sapat ang sustansiyang nakakarating sa kuko.

11-032



Ang clubbed finger ay karaniwang nakikita sa mga taong may cardiovascular disease. Tinutukoy nito ang kondisyon kung saan ang dulo ng mga daliri ay parang drumstick. Ang sintomas na nakikita kapag may malnutrisyon ay ang pagiging puti ng buong kuko.

11-033



Ang ingrown nail ay tumutukoy sa kondisyon kung saan ang gilid ng nail plate ay bumabaon sa daliri. Kabilang sa mga sanhi nito ang pagtanda, pagsusuot ng sapatos na hindi naaangkop sa mga paa sa loob ng mahabang panahon, maling pagputol ng mga kuko, atbp.

11-034



Ang functional position ay tumutukoy sa preventive posture kung saan hindi magkakaroon ng joint contracture, sa mga kaso na hindi naigagalaw ang katawan nang mag-isa atbp. Isa itong posisyon kung saan ang anggulo ng mga kasukasuan ay may pinakakaunting paghadlang sa ADL, kahit na hindi na maigalaw ang mga kasukasuan.

11-035



Ang posisyong nakaturo sa baba ang mga daliri sa paa ay hindi functional position. Ang posisyong nakaturo sa baba ang mga daliri sa paa ay tinatawag na equinus foot.

11-036



Sa pagpapatibay ng mga buto, kailangang malantad sa sikat ng araw. Upang patibayin ang mga buto, kailangan ng calcium na isang inorganic matter (mineral), at kailangan ng vitamin D para masipsip ang calcium mula sa bituka. Ang vitamin D ay nagiging aktibo sa pamamagitan ng pagkain at pagkakalantad sa ultraviolet rays ng araw.

11-037



Ang kailangan para mapatibay ang mga buto ay ang pagkonsumo ng vitamin D. Ang vitamin E ay isang fat-soluble vitamin na may tungkulin na tumulong sa pagbuo ng biological membrane at pigilan ang fat oxidation.

11-038



Ang pag-eehersisyo ay naglalapat ng katamtamang lakas sa mga buto at ginagawang aktibo ang paggana ng mga selula. Ang katamtamang ehersisyo ay tumutukoy sa mga pang-araw-araw na kilos tulad ng paglalakad, pamimili, atbp.

11-039



Bukod sa femoral neck, ang iba pang bahagi na madalas nababalian ng buto ay ang distal end ng radius (pupulsuhan), proximal end ng humerus (braso na malapit sa balikat), at spine (backbone) (➔ tingnan ang G007).

11-040



Pagkatapos mabalian ng buto, nakakaramdam ng sakit sa kasukasan ng balakang na kinaroroonan ng femoral neck. Sa karagdagan, kapag nabalian ng buto sa femoral neck, magiging mahirap ang pagtayo at paglalakad.

11-041



Ang protina ay isa sa limang pangunahing sustansiya. Ang protina ay bumubuo sa balat, kuko, buhok, dugo, kalamnan, hormone, at enzyme (➔ tingnan ang G014).

11-042



Ang sugar ay may tungkulin na magsilbing mapagkukunan ng enerhiya para sa katawan. Ang sugar ay isa sa limang pangunahing sustansiya at tinatawag ding carbohydrate. Ang tumutulong sa pagsipsip ng mga fat-soluble vitamin ay ang fat (➡ tingnan ang G014).

11-043



Ang fat ay isa sa limang pangunahing sustansiya, na nagsisilbing hilaw na materyales sa pagbuo ng hormone, dugo, at cell membrane. Ang fat ay may tungkulin na tumulong sa pagsipsip ng vitamin A, D, E, at K, na mga fat-soluble vitamin (➡ tingnan ang G014).

11-044



Ang vitamin ay isa sa limang pangunahing sustansiya na may tungkuling nauugnay sa paglaki at metabolismo ng katawan. Ang vitamin ay nauuri sa fat-soluble vitamin (vitamin A, D, E, at K) at water-soluble vitamin (vitamin B at C). Ang mga vitamin ay hindi nabubuo sa loob ng katawan, kaya kailangan itong konsumuhin sa pamamagitan ng pagkain atbp. (➡ tingnan ang G014).

11-045



Ang inorganic matter (mineral), na isa sa limang pangunahing sustansiya, ay hindi kayang buuin sa loob ng katawan. Kailangang konsumuhin ito sa pamamagitan ng pagkain atbp. Kabilang sa mga pangunahing inorganic matter ang sodium (Na) at calcium (Ca) (➡ tingnan ang G014).

11-046



Ang paunang yugto (cognitive stage) ang ika-1 yugto ng proseso sa pagkain at paglunok, na nahahati sa 5 yugto. Ang paunang yugto (cognitive stage) ay yugto kung saan kinikilala ang hugis, kulay, atbp. ng pagkain, at dumadami ang secretion ng laway bilang isang conditioned reflex (➡ tingnan ang G014).

11-047



Ang deglutition apnea ay nangyayari sa yugto ng pharynx. Ang yugto ng pharynx ang ika-4 na yugto ng proseso sa pagkain at paglunok, na nahahati sa 5 yugto. Sa yugto ng pharynx, nangyayari ang apnea dahil sa pagsasara ng nasal cavity at trachea (➡ tingnan ang G014).

11-048



Ang yugto ng oral cavity ang ika-3 yugto ng proseso sa pagkain at paglunok, na nahahati sa 5 yugto, at dito dinadala sa pharynx ang bolus mula sa oral cavity. Ang pagsasara ng larynx ay nangyayari sa yugto ng pharynx, na ika-4 na yugto ng proseso sa pagkain at paglunok (➡ tingnan ang G014).

11-049



Ang yugto ng pharynx ay yugto kung saan dumadaan ang bolus sa pharynx. Sa yugto ng pharynx, isinasara ng epiglottis ang pasukan sa larynx. Ang bolus ay nabubuo sa yugto ng paghahanda (chewing stage). Ang yugto ng paghahanda (chewing stage) ay tumutukoy sa ika-2 yugto ng proseso sa pagkain at paglunok, na nahahati sa 5 yugto.

11-050



Sa yugto ng esophagus, nangyayari ang involuntary movement na hindi nakasalalay sa sariling kamalayan. Ang yugto ng esophagus ay yugto kung saan dinadala sa sikhura ang bolus na ipinadala sa esophagus. Kapag pumasok sa esophagus ang bolus, dadalhin ito sa sikhura sa pamamagitan ng peristalsis at gravity (➡ tingnan ang G014).

11-051



Ang malaking bituka ay isang digestive organ na sumusunod sa maliit na bituka, at nahahati sa appendix, ascending colon, transverse colon, descending colon, sigmoid colon, at rectum. Sa malaking bituka, nangyayari ang pagsipsip ng tubig at tumitigas ang dumi.

11-052



Ang maliit na bituka ay binubuo ng duodenum, jejunum, at ileum. Ang maliit na bituka ay may tungkuling sumipsip ng mga sustansiya at tubig.

11-053



Lumilitaw ang mga sintomas ng dehydration kapag nawalan ng tubig na katumbas ng mga 2% ng timbang. Kapag na-dehydrate, nakakaranas ng kawalan ng lakas sa buong katawan at bilang resulta ay bumababa ang pagiging aktibo.

11-054



Ang sintomas na nauugnay sa dehydration ay tuyong balat. Bukod sa tuyong balat, ang iba pang sintomas ay pagbawas ng dami ng ihi, pagkawala ng ganang kumain, atbp. May katangian ito na bihirang lumitaw ang mga sintomas sa mga matatanda.

11-055



Ang catheter ay kailangang palitan nang regular. May 2 uri ng catheter: balloon-type na pinapalitan tuwing mga 1 buwan, at bumper-type na pinapalitan tuwing mga 6 na buwan bilang pamantayan. Ang pagpapalit nito ay tungkulin ng doktor.

11-056



Kabilang sa mga sintomas ng hypoglycemia ang pagpapawis, palpitasyon, kapansanan sa kamalayan, kombulsyon, pangininginig ng mga kamay at paa, atbp. May type 1 at type 2 sa diabetes mellitus. Ang type 1 ay lumilitaw sa pagitan ng childhood hanggang juvenile period, at nangangailangan ng insulin treatment. Ang type 2 diabetes mellitus ay lumilitaw sa middle-age period pasulong, at ang insulin treatment ay isinasagawa depende sa sintomas.

11-057



Ang temperatura ng mainit na tubig na 38 hanggang 41°C ay itinuturing na angkop na temperatura sa paliligo, kung saan naii-stimulate ang parasympathetic nerves at nakikita ang pagtulin ng digestive function, pagbagal ng tibok ng puso, pagbaba ng presyon ng dugo, pagluwag ng tensyon ng mga kalamnan, atbp. Sa paliligo sa temperatura ng mainit na tubig na 42°C o higit pa, naii-stimulate ang sympathetic nerves at nakikita ang pagtaas ng presyon ng dugo, pagbilis ng tibok ng puso, atbp.

11-058



Ang paraan na nagpapatulin sa paggaling ng sugat sa balat na walang impeksyon ay moistening. Ang pagpapatuyo ay mauugnay sa pagkawala ng tubig sa balat, na humahadlang sa pag-unlad ng mga selula, kaya hindi ito naaangkop sa pagpapagaling ng sugat.

11-059



Sa pamamagitan ng pagpapanatili ng mababang acidity ng balat, mapipigilan ang stimulation mula sa labas at pagdami ng bakterya. Ang madalas na paghuhugas sa mainit na tubig ay nakakasira sa mekanismo ng mababang acidity dahil sa pagbawas ng sebum, at nagpapahina sa sterilizing effect.

11-060



Ang mga hindi inaasahang aksidente sa bahay ay kadalasang nangyayari habang naliligo. Dahil hinuhubad ang damit sa paliligo, nalalagay sa kapaligiran at kondisyon ng katawan na madaling maaksidente dahil walang proteksyon ang katawan, nagbabago ang sirkulasyon ng dugo, atbp.

11-061



Ang herpes zoster ay isang sakit kung saan mas malubha ang pananakit kaysa sa pangangati. Nagkakaroon ng herpes zoster dahil sa varicella-zoster virus. Ang pamamantal ay maliliit na paltos, at may hugis na oval na sumusunod sa isang tiyak na nerve tract.

11-062



Ang scabies ay isang nakakahawang sakit sa balat na dulot ng itch mites na nabubuhay sa balat. Ang sintomas na naglalarawan ng katangian nito ay matinding pangangati. Ang mga bahaging madalas na nagkakaroon nito ay ang kilikili, pagitan ng mga daliri, at pribadong bahagi. Ang pamamantal ay lumilitaw bilang papule, nodule, atbp.

11-063



Kapag tumayo mula sa bathtub, dadaloy ang dugo sa lower limbs at mababawasan ang dami ng dugong babalik sa puso, na nagpapababa sa presyon ng dugo. Dahil dito, mababawasan ang dami ng dugong dumadaloy sa utak, at magiging isang kondisyon na madaling magkaroon ng orthostatic hypotension. Para maiwasan ang orthostatic hypotension, dapat tumayo nang dahan-dahan.

11-064



Ang half-body bathing ay nakakapagbawas ng pasanin sa puso na dulot ng paliligo. Ang paliligo ay may hydrostatic pressure effect na nagpapatulin sa sirkulasyon ng dugo sa pamamagitan ng presyon ng tubig. Sa hydrostatic pressure effect, napapadali ang pagbalik ng dugo sa puso at napapatulin ang cardiopulmonary function.

11-065



Kanais-nais na isagawa ang paliligo pagkalipas ng 1 oras o higit pa mula nang kumain. Para sa pagtunaw pagkatapos kumain, kailangan ng sapat na daloy ng dugo sa mga digestive organ. Kapag naligo kaagad pagkatapos kumain, magkukulang ang daloy ng dugo sa mga digestive organ at maaaring makahadlang sa digestive function.

11-066



Pagkatapos maligo, kailangang uminom ng sapat na tubig. Dahil sa pagpapawis na dulot ng paliligo, kailangang isagawa ang sapat na hydration bago at pagkatapos maligo. Kung hindi sapat ang ginawang hydration, maaaring ma-dehydrate.

11-067



Ang tuyong balat ay nagpapahina ng paggana ng balat at maaaring maugnay sa pangangati, kaya epektibong panatilihing maikli ang mga kuko para protektahan ang balat. Ang balat ng mga matatanda ay nasa kondisyon na madaling matuyo dahil sa pagbawas ng sebum atbp.

11-068



Ang normal na ihi ay halos walang amoy kapag kakaihi pa lamang. Kapag nalantad sa hangin ang ihi, dine-decompose ng bakterya ang ihi, na lumilikha ng amoy ng ammonia. Ang katangian ng ihi ay malinaw na likido na bahagyang kulay dilaw o mapusyaw na kayumanggi, at walang mikrobyo.

11-069



Ang posisyong nagpapadali sa pagdumi ay nakaupong posisyon habang nakaangat ang mga sakong at bahagyang nakahilig paharap. Kapag nasa posisyong ito, nagiging obtuse angle ang anorectal angle, na tumutukoy sa anggulo sa pagitan ng rectum at anus. Sa posisyong nakahiga nang patihaya, nagiging acute angle ang anorectal angle, at nagiging mahirap ang pagdumi.

11-070



Ang nagpapatulin sa peristalsis ng rectum ay ang parasympathetic nerves. Ang sympathetic nerves at parasympathetic nerves ay mga autonomic nerves na magkasalungat ang tungkulin. Pinapatulin ng parasympathetic nerves ang tungkulin ng digestive tract, at pinipigilan ng sympathetic nerves ang tungkulin ng digestive tract.

11-071



Kapag kumain, nakakaramdam ng pagnanais na dumumi. Kapag pumasok sa sikmura ang pagkain, naihahatid ang stimuli sa colon at nagsisimula ang peristalsis, at hahantong sa pagdumi. Ang pagpunta sa toilet at pag-upo sa inidoro pagkatapos kumain, mayroon man o walang pagnanais na dumumi, ay makakatulong para mapawi ang constipation.

11-072



Para mahikayat ang pagdumi, pataasin ang abdominal pressure sa pamamagitan ng pagpigil ng hininga. Kapag pinataas ang abdominal pressure sa pamamagitan ng pagpigil ng hininga, tataas din ang presyon ng dugo, kaya kailangan ng ibang paraan para hikayatin ang pagdumi ng mga user na may mataas na presyon ng dugo.

11-073



Sa paligid ng anus, mayroong internal anal sphincter at external anal sphincter. Sa dalawang ito, ang external anal sphincter ay isang kalamnan na kayang kontrolin ang pagdumi kung sasadyain. Kung sasadyaing paluwagin ito kapag umupo sa inidoro atbp. bilang paghahanda sa pagdumi, mapapadali ang pagdumi.

11-074



Ang atonic constipation ay nangyayari kapag nasipsip ang tubig ng dumi at tumigas ito dahil sa pagbawas ng peristalsis sa malaking bituka. Isa sa mga dahilan nito ang kakulangan sa pagkonsumo ng dietary fiber. Ang dietary fiber ay nag-ii-stimulate sa intestinal tract, kaya epektibo ito para mapawi ang constipation.

11-075



Ang rectal constipation ay tumutukoy sa constipation kung saan may dumi sa rectum ngunit mahina ang defecation reflex kaya hindi nakakaramdam ng pagnanais na dumumi. Kabilang sa mga karaniwang paraan ng pag-iwas sa constipation ang pag-eehersisyo, pag-inom ng tubig, at pagkonsumo ng dietary fiber.

11-076



Kapag bedridden, madaling makaranas ng constipation. Kapag bedridden, madaling magkaroon ng constipation dahil sa kakulangan sa ehersisyo na dulot ng pagbaba ng pisikal na aktibidad, paghina ng tungkulin ng bituka at mga kalamnan ng tiyan, hindi sapat na pagkain at pag-inom ng tubig, atbp.

11-077



Kung gumagamit ng narcotic painkiller, napipigilan ang peristalsis ng bituka at madaling makaranas ng malubhang constipation.

11-078



Ang functional urinary incontinence ay tumutukoy sa urinary incontinence na dulot ng paghina ng cognitive function, kawalan ng kakayahang hanapin ang toilet dahil sa disorientation, o kawalan ng kakayahang makita ang toilet dahil sa agnosia (➡ tingnan ang G014).

11-079



Ang stress urinary incontinence ay tumutukoy sa uri ng incontinence kung saan tumatagas ang ihi kapag nakaranas ng abdominal pressure tulad sa pagbahing atbp., dahil sa paghina ng tungkulin ng pelvic floor muscles na nagpapahigpit ng urethra at sumusuporta sa mga panloob na organo. Isa rin itong urinary incontinence na kadalasang nakikita sa mga babae (➡ tingnan ang G014).

11-080



Kabilang sa iba pang sintomas ng cystitis ang pakiramdam na may natitirang ihi, madalas na pag-ihing, at sinat. Ang cystitis ay isa sa mga urinary tract infection na nangyayari kapag pumasok ang bakterya sa pantog. Dahil mas maikli ang urethra ng mga babae kaysa sa mga lalaki, mas madaling pumasok ang bakterya.

11-081



Habang tumatanda, umiikli ang oras ng pagtulog. Sa pagtulog, nangyayari nang paulit-ulit at salitan ang REM sleep (mababaw na pagtulog kung saan nagpapahinga ang katawan) at non-REM sleep (malalim na tulog kung saan nagpapahinga ang utak). May inklinasyon na umikli ang oras ng pagtulog dahil sa kakulangan sa ehersisyo atbp.

11-082



Ang pag-eehersisyo ay nakakaapekto sa kalidad ng tulog, ngunit hindi ito nakakaapekto sa mekanismo ng panloob na orasan ng katawan. Ang pinakamalaking salik sa pagwawasto ng panloob na orasan ng katawan ay ang sikat ng araw. Kapag nalantad sa sikat ng araw, mababawasan ang secretion ng melatonin na isang hormone na humihikayat sa pagtulog, at magkakaroon ng secretion pagkalipas ng 15 hanggang 16 na oras, kaya mapapadali ang pagtulog.

11-083



Sa restless legs syndrome, maaaring ibsan ang sintomas sa pamamagitan ng paggalaw ng lower limbs. Ang restless legs syndrome ay tinatawag ding “crawly legs syndrome”, at ito ay isang kondisyon kung saan nagkakaroon ng involuntary movement lalo na sa lower limbs kapag natutulog. Ang mga hindi kaaya-ayang pakiramdam ay nagiging sanhi ng insomnia.

11-084



Ang mga matatanda ay karaniwang nagkakaroon ng kapansanan sa pagtulog. Ang pangunahing insomnia ay ang “sleep-onset insomnia”, kung saan nahihirapang matulog at natatagalan bago makatulog. Ang paggising nang maraming beses sa gabi ay tumutukoy sa “nocturnal awakening”. Mayroon ding “early morning awakening”, kung saan nagigising nang maaga sa umaga at hindi na makatulog pagkagising.

11-085



Sa end stage, lumilitaw ang edema. Ang edema ay isang kondisyon kung saan naiipon ang tubig sa subcutaneous tissue at lumilitaw sa end stage dahil sa paghina ng circulatory function sa buong katawan. Kabilang sa iba pang sintomas ang paglamig ng mga kamay at paa, cyanosis sa mga kuko at mga labi, pagbawas ng dami ng ihi, atbp.

11-086



Ang mandibular breathing ay tumutukoy sa paghinga kapag nakakaranas ng pangangapos ng hininga, kung saan ang ibabang panga ay gumagalaw pababa sa bawat paghinga. Sinasabing kapag bumuka ang bibig at nakikita ang ganitong paghinga, malapit nang mamatay. Kabilang sa iba pang sintomas sa paghinga ang hagahas (wheezing) mula sa lalamunan atbp.

11-087



Ayon sa 5 yugto ng sikolohikal na proseso na iminungkahi ni Kübler-Ross, ang ika-1 yugto ay pagtanggi. Ang pagtanggi ay ang yugto kung saan hindi matanggap ang kamatayan. Ang galit ay kung saan nagpapakita ng damdamin na “bakit ako lang” (➔ tingnan ang G014).



Mga punto sa pag-aaral


Maslow's Hierarchy of Needs



Mga uri ng personalidad sa panahon ng katandaan (Reichard)

Matured type (integrated type)	Tinatanggap ang sarili at sariling buhay kung ano lamang ito.
Comfort chair type (dependence type)	Tinatanggap ang sariling aktuwal na kalagayan, ngunit passive at umaasa sa iba.
Defense type (armored type)	Pinipigil ang pagkabalisa tungkol sa pagtanda sa pamamagitan ng patuloy na pagiging aktibo at pagtatanggol sa sarili.
Extrapunitive type (indignation type)	Hindi matanggap ang sariling nakaraan at ang pagtanda.
Intropunitive type (self-reproach type)	Itinuturing na kabiguan ang sariling buhay at iniisip na ang dahilan nito ay ang sarili.


Proseso ng memorya




■ Adjustment mechanism

Pagtakas	Paghahangad ng sariling katatagan sa pamamagitan ng pagtakas mula sa pagkabalisa, kaba, atbp.
Regression	Pagsisikap na protektahan ang sarili sa pamamagitan ng pagbalik sa hindi pa ganap na yugto ng pag-unlad.
Pagpigil	Pagsupil sa mga pangangailangan at damdamin na hindi nais tanggapin upang hindi lumitaw sa kamalayan.
Kompensasyon	Paglipat ng pangangailangan sa isang bagay na madaling makuha at pagtitiis dito kapag hindi makamit ang orihinal na layunin.
Kabayaran	Pagsisikap na punan ang kakulangan sa isang aspeto kung saan nakakaramdam ng imperyoridad sa pamamagitan ng pagiging superyor sa ibang aspeto.
Rasyonalisasyon	Pagbibigay-katuwiran sa sariling kilos at kabiguan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga dahilan na kumbenyente sa sarili.
Sublimation	Pagsisikap na palitan ang mga agresibong pangangailangan atbp. ng mga kapaki-pakinabang na kilos tulad ng sports at sining.
Identification	Paglalapat sa sarili ng mga damdamin at pag-iisip ng ibang tao, at pagiging kuntento nang tila nanggaling sa sarili ang mga iyon.
Projection	Pag-iisip na ang mga hindi katanggap-tanggap na emosyon ng sarili ay nasa ibang tao rin.
Pagpapalit	Pagbaling sa ibang bagay para ipahayag ang mga pangangailangan at damdamin (pag-ibig, poot, atbp.) na nakatuon sa isang bagay.
Pagbuo ng reaksyon	Pagsisikap na itago ang tunay na sarili sa pamamagitan ng pagkilos sa kabaligtaran ng pangangailangan o damdamin na hindi nais malaman ng ibang tao.


■ Istraktura ng utak




■ Pulmonary circulation at systemic circulation



■ Mga pangalan ng mga panloob na organo (harap)



■ Mga pangalan ng mga panloob na organo (likod)



■ Limang pangunahing

sustansiya

Sugar (carbohydrate)
Fat
Protina
Inorganic matter (mineral)
Vitamin • Fat-soluble vitamin A, D, E, K • Water-soluble vitamin B, C

■ 5 pag-uuri ng pagkain at

paglunok

Paunang yugto (cognitive stage)
Yugto ng paghahanda (chewing stage)
Yugto ng oral cavity
Yugto ng pharynx
Yugto ng esophagus

■ Mga uri ng urinary incontinence

Functional urinary incontinence	Tumatagas ang ihi dahil mabagal ang mga galaw kapag umihi, o dahil hindi alam kung saan ang toilet dahil sa dementia atbp. kaya hindi nakaabot sa toilet ang pagpipigil.
Urgency urinary incontinence	Nais na umihi ngunit tumatagas ang ihi bago makarating sa toilet.
Stress urinary incontinence	Tumatagas ang ihi kapag nakaranas ng abdominal pressure tulad sa pag-ubo, pagbahir, atbp.
Overflow urinary incontinence	Dahil sa prostatic hyperplasia atbp., nagbabara ang daanan ng ihi at unti-unting tumatagas ang ihi.
Reflex urinary incontinence	Dahil sa pinsala sa spinal cord atbp., walang nararamdamang pagnanais na umihi kaya tumatagas ang ihi.

■ 5 yugto ng sikolohikal na proseso sa pagtanggap ng kamatayan (Kübler-Ross)

Ika-1 yugto	Pagtanggi	Yugto kung saan hindi tinataggap at itinatangi ang katotohanan tungkol sa kapalarang mamamatay at pag-iisip na "hindi maaari na ako ay mamatay"
Ika-2 yugto	Galit	Yugto kung saan lumalabas ang matinding galit sa kamatayan.
Ika-3 yugto	Pakikipagtawaran	Yugto kung saan ipinapahayag ang damdamin tulad ng hindi maiiwasan ang katotohanan tungkol sa kamatayan, o mga kahilingan sa Diyos.
Ika-4 na yugto	Depresyon	Yugto kung saan nalulumbay mula sa damdamin na "hindi maailigtas kahit ano ang gawin"
Ika-5 yugto	Pagtanggap	Yugto kung saan tinataggap ang kamatayan at nagiging kalmado ang isip.

12

**Medikal na
Pangangalaga**

A

Mga Sagot/Paliwanag

A

12-001



Ang mga care worker atbp. na nakapagtapos ng on-the-job training ng medikal na pangangalaga ay maaaring magsagawa ng mga gawain tulad ng sputum suction atbp. sa mga pasilidad at tanggapan na inaprubahan at inirehistro ng gobernador ng prefecture.

12-002



Ang pharynx ay isang bahaging nagti-trigger sa pagsusuka. Samakatuwid, kung ipapasok ang tubo nang mas malalim sa pharynx, mati-trigger ang pag-ubo o pagsusuka dahil sa stimuli, at may panganib na humantong sa isang malubhang aksidente.

12-003



Ang pagtatala tungkol sa proseso kung paano nagkaroon ng isang mapanganib na sitwasyon na muntik nang maaksidente ay nagsisilbing hakbang sa pag-iwas sa pagkakaroon ng mga katulad na panganib at aksidente. Ang mga ulat ng aksidente ay itatala sa mga incident at accident report.

12-004



Sa standard precaution, nagsisilbing pamantayan ang konsepto kung saan itinuturing na may panganib na makahawa ang lahat ng dugo, likido sa katawan, secretion (plema, laway, suka), excretion (dumi, ihi), balat na may sugat, mucous membranes, atbp.

12-005



Ang mga bagay na ginamit sa nasoenteric feeding ay hugasan (gamit ang neutral detergent para sa mga pinggan), pagkatapos ay ibabad sa antiseptic solution (sodium hypochlorite) nang humigit-kumulang 1 oras, hugasan nang mabuti gamit ang tubig sa gripo, at pagkatapos ay patuyuin. Ang antiseptic ethanol ay ginagamit sa pagpupunas at pagdisinipekta ng mga kasangkapan, at hindi ginagamit sa immersion disinfection.

12-006



Ang pulse oximeter ay isang instrumentong sumusukat sa pulse rate at percutaneous arterial oxygen saturation measurement (SpO_2 ; dami ng oxygen sa arterial blood) mula sa ibabaw ng balat. Ang standard value para sa percutaneous arterial oxygen saturation measurement ay 95 hanggang 100%.

12-007



Sinasabing ang karaniwan na kumportableng kahalumigmigan sa loob ng kuwarto ay humigit-kumulang 50%. Kapag mababa ang kahalumigmigan, tuyong hangin ang nalalanghap, kaya lumalapot ang plema at nagiging mahirap itong ilabas.

12-008



Kapag may halong dugo ang aspirate, agad na itigil ang suction at obserbahan ang loob ng oral cavity at nasal cavity. Suriin ang kondisyon ng paghinga, kulay ng mukha, atbp., kumpirmahin kung ang suction force ay naaayon sa itinakda, at makipag-ugnayan sa mga medikal na kawani.

12-009



Kapag naliligo, mataas ang kahalumigmigan kaya lumalambot ang plema at nagiging madali itong ilabas. Sa karagdagan, maaaring dumami ang plema kaya kailangan itong alisin bago at pagkatapos ng pangangalaga sa paliligo.

12-010



Para maiwasan ang pagbaba ng suction force at backflow ng waste fluid, itapon ang nilalaman ng suction bottle bago umabot sa 70 hanggang 80%. Bukod dito, kahit na kaunti lang ang waste fluid, regular na itapon ito at hugasan gamit ang detergent at umaagos na tubig nang hindi bababa sa 1 o 2 beses kada araw.

12-011



Gumamit ng tubig sa gripo para hugasan ang suction tube para sa sputum suction mula sa oral cavity at nasal cavity. Sa kaso ng suction tube para sa tracheal cannula, hugasan ito sa pamamagitan ng pag-suction ng sterile purified water at hindi ang tubig sa gripo.

12-012



Ang oras ng suction para sa 1 beses ay dapat nasa pagitan ng 10 hanggang 15 segundo. Kung matagal ang oras ng suction, maaari itong magdulot ng pangangapos ng hininga, tachycardia, pagtaas ng presyon ng dugo, atbp., kaya kung hindi sapat ang nakuhang plema sa 1 beses, muli itong subukan kapag maayos na ang paghinga.

12-013



Kapag mababa ang temperatura ng nutrient, mapapatulin ang peristalsis sa bituka, at magiging madaling makaranas ng mga sintomas sa tiyan tulad ng pagtatae, pananakit ng tiyan, atbp. Ang hypoglycemia ay isang kondisyon kung saan bumaba ang dami ng glucose sa dugo.

12-014



Sa kaso ng tube feeding, hindi ngumunguya kaya nababawasan ang secretion ng laway, bumababa ang self-purification effect sa loob ng oral cavity, at tumataas ang panganib ng impeksyon. Kailangang isagawa ang pangangalaga sa oral cavity upang maiwasan ang impeksyon, at mapanatili o mapabuti ang mga function sa pagkain at paglunok.

12-015



Ang pagsinok ay dulot ng spasm ng diaphragm, ngunit kailangang matukoy kung ito ay dulot ng pagpasok ng tube feeding nutrient, kaya itigil kaagad ang infusion.

12-016



Ang half-solid type (jelly type) na nutrient ay malapot at maaaring magbara sa loob ng tubo, kaya hindi ito ginagamit sa nasogastric feeding. Kadalasang ginagamit ito sa mga kaso ng gastric fistula at intestinal fistula.

12-017



Sa nasogastric feeding, isinasagawa ang infusion habang ginagamit ang pagkakaiba sa taas ng irrigator at sikmura ng user. Kung itaas kaysa sa 50 cm, bibilis ang dripping speed, at kung ibaba ay babagal. Depende sa dripping speed, may panganib na magkaroon ng backflow at aspiration.

**12-
018**

Ang maaaring magpasok ng natanggal na nutrition tube ay mga doktor at nars.



**12-
019**

Sa pagpasok at pagtanggal ng suction tube, parehong kailangan na maglapat ng suction force. Walang panganib na mapinsala ang mucous membranes sa loob ng tracheal cannula, at para ito sa pag-iwas na mahulog ang sputum sa trachea.



検討委員会、編集委員会委員一覧 ※五十音順

〈外国人向け介護学習テキスト検討委員会〉

五十嵐さゆり	福祉人材育成研究所 M&L
(委員長) 白井孝子	東京福祉専門学校
高木憲司	和洋女子大学家政学部
橋本由紀江	国際交流 & 日本語支援 Y

〈外国人向け介護学習テキスト検討委員会（過去問）編集委員会〉

五十嵐さゆり	福祉人材育成研究所 M&L
木林身江子	静岡県立大学短期大学部
木村久枝	元松本短期大学
午頭潤子	白梅学園大学子ども学部
品川智則	東京 YMCA 医療福祉専門学校
下山久之	同朋大学社会福祉学部
白井孝子	東京福祉専門学校
鈴木真智子	浦和大学短期大学部
高木憲司	和洋女子大学家政学部
高木直美	日本福祉大学中央福祉専門学校
高木諒	愛知県立古知野高等学校
平野啓介	旭川大学短期大学部
松沼記代	高崎健康福祉大学健康福祉学部

(事務局) 公益社団法人 日本介護福祉士会
国際介護人材支援チーム

「外国人のための介護福祉士国家試験一問一答」
(令和2年度 介護の日本語学習支援等事業)
令和2(2020)年12月発行
公益社団法人 日本介護福祉士会

日本の介護を学び、現場で働く外国人のためのWebサイト

にほんごをまなぼう

Support your local,
For our future.



にほんごをまなぼう

CLICK!!



Copyright© The Japan Association of Certified Care Workers All rights reserved.
著作権 © 介護の日本国字会 介護福祉士会

Website para sa mga dayuhang nag-aaral ng wikang Hapon para sa nursing care
at nagtatrabaho sa mga nursing care site,
at mga taong nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa nursing care sa Japan

"Nihongo o Manabou"



Nilalamang contents

- **Pag-aaral ng Wikang Hapon**
— Gawing layunin ang makapasa sa Japanese Language Proficiency Test! —
Mga drill, quiz, practice test
Pagkumpirma ng kalagayan ng pag-aaral / Pamamahala sa layunin sa pag-aaral
May kasamang feature ng pana-panahong pagtatanim ng bulaklak para humikayat na mag-aral
- **Pag-aaral ng nursing care sa Japan**
— Sa iba't ibang device at iba't ibang wika —
Website contents ng "Wikang Hapon para sa Nursing Care"
"Aklat-aralin para sa Pagsusult para sa Pagsusuri ng Nursing Care Specified Skills"
"Nursing Care Welfare para sa mga Dayuhan — Terminology"
"Pambansang Pagsusult sa Pagiging Certified Care Worker para sa mga Dayuhan — Mga Katatungan at Kasagutan" at iba pa
- **Pagbahatid ng mga kaalaman sa nursing care sa Japan**
— Gabay / Panuntunan —
- **Nursing care and welfare terminology translation function**
— May pagbigkas at tumutugon sa iba't ibang wika —
- **Pagbahatid ng mga impormasyon sa social media**
— Lugar para sa pakikipag-ugnayan ng mga user —



Ang "Nihongo o Manabou" ay

sumusuporta sa pagpapaulad ng kakayahan sa wikang Hapon at pagkatuto ng mga kasanayang kinakailangan sa nursing care site, bilang isang pangkalahatang platform para sa mga taong naghahatid ng impormasyon tungkol sa nursing care sa Japan, para sa mga dayuhang nag-aaral ng nursing care sa Japan at nagtatrabaho sa mga nursing care site. Upang makamit ang lubos na mabisang pag-aaral ng wikang Hapon, mahalaga una sa lahat na ang mga mag-aaral ay magsikap sa kanilang pag-aaral nang kusa at independiyente. Ang "Nihongo o Manabou" ay nagbibigay ng kapaligirang iyon. Layunin nito na tulungan ang mga mag-aaral na matuto ng wikang Hapon at mga pangunahing kasanayan sa nursing care na kinakailangan sa mga nursing care site. Sa karagdagan, nagbibigay din ito ng tulong sa paghahanda para sa Pambansang Pagsusult sa Pagiging Certified Care Worker at Pagsusuri ng Specified Skills, atbp., at nagbibigay ng mga pagkakataon para sa komunikasyon (pakikipag-ugnayan) sa iba pang user.

< **5** + **1** na mga katangian >

Libre



Maaari itong gamitin nang libre ng sinumang interesado ng wikang Hapon at nursing care sa Japan

Pagpasa sa pagsusult



Sumusuporta sa pag-aaral na naglalayong makapasa sa Japanese Language Proficiency Test Pagsusult para sa Pagsusuri ng Specified Skills, atbp.

Independiyenteng pag-aaral



Gumagamit ng autonomous learning support system na nagbibigay-daan sa pamamahala sa sariling kalagayan sa pag-aaral

Insentibo



Nagdadagdag ng function ng paghahatid ng saya sa loob ng patuloy na pag-aaral

Nursing care sa Japan



Nilagan ng contents tungkol sa mga kasanayan sa nursing care na kinakailangan sa mga nursing care site sa Japan

+

Komunidad



Nagbibigay ng mga pagkakataon para sa paghahatid ng impormasyon, pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga user, at pagbabahagi ng impormasyon sa pamamagitan ng social media

SHOT!!



URL: <https://aft.kaigo-nihongo.jp/rpv/>

にほんごをまなぼう

CLICK!!



The Japan Association of Certified Care Workers

Ministry of Health, Labour and Welfare: Proyekto sa Pagsuporta atbp. sa Pag-aaral ng Wikang Hapon para sa Nursing Care